# Magasin ng BAGONG Buhay


HULYO 28, 1957



*Sa mga bakas ni Magsaysay*

# KAIBIGAN NG MAHIHIRAP

***ni CARLOS C. MARCELO***



**Matamang nakikinig ang noon ay Kalihim Ramon Magsaysay ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa sa pagpapaliwanag ni Komandante Heneral George Olmstead, puno ng tanggapan ng Pentagon sa tulong na militar ng Estados Unidos sa ibang bansa, nang dumalaw sa Kampo Murphy noong Pebrero, 1953. Nasa dulong kaliwa si Komandante Heneral Albert Pierson, naging puno ng JUSMAG.**



**Noong kandidato pa sa pagka-Pangulo, dumalaw si RM sa talipapa sa Tabunok, Talisay, Sebu at binati ang mga tindera. Makikitang magiliw na nakikipagkamay si RM sa isang tindera ng mga gulay, habang nasisiyahang nakamasid ang iba.**


MAGASIN NG BAGONG **Buhay**

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad at katulong sa Anunsiyo
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON:
Tatlong buwan . . . ₱3.00 Anim na buwan . . . ₱6.00
Isang taon . . . ₱12.00
Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa


**NANG** masawi ang yumaong Pangulong Ramon Magsaysay sa malagim na sakuna sa Bundok Manungal noong Marso 17 ay maraming dukhang mamamayang namighati nang parang naulila sa kaanak. Sapagka't sa kanila, si RM ay hindi lamang isang mabuting Punong-Tagapagpaganap; manapa, isang matalik na kaibigang handang tumulong nang buong makakaya sa panahon ng kagipitan.

Ang kagandahang-loob ni RM ay napatunayan ni Evernodo Lingueta, 25, ng Lopez, Quezon. Lumaking tuyot ang mga paa, nawawalan na ng pag-asa sa buhay si Lingueta nang sumulat siya kay RM at ipaliwanag ang kanyang abang kalagayan.

May masidhing lunggati si Lingueta na makapag-aral ng pagguhit sa Pamantasan ng Pilipinas. Ibig niyang malinang ang kanyang likas na talino nguni't dahil sa karalitaan ay hindi siya makapagpatuloy sa pagtuklas ng karunungan.

Kaya, sa mungkahi ng kanyang ama ay nilakipan ni Lingueta ng iginuhit niyang larawan ng "Idolo ng Bayan" ang liham kay RM. Marahil, upang ipakilalang karapat-dapat siya sa hinihinging tulong — palagiang gawain at walang bayad na pag-aaral sa U.P.

At pagkaraan ng ilang araw ay ipinatawag siya ni RM. Inatasan ang tagapamahala ng Pangasiwaan ng Kagalingang-Bayan (SWA) na bigyan siya ng trabaho. Nakipag-ayos din iyon sa U.P. upang tanggapin siya nang walang bayad sa paaralan ng pagguhit.

Ngayon, si Lingueta'y kumikita ng tatlong piso isang araw sa paglilingkod sa sangay na proyekto ng SWA sa Barangka, Lunsod Quezon. Bago umuwi sa pinangangaserahan sa G. Tuason, Sampalok, Maynila ay nagtutuloy siya sa U.P. at nag-aaral sa gabi.

Subali't kay Lingueta, hindi siya lamang ang natulungan ni RM kundi maging ang kanyang anim na kapatid na nakapag-aaral sa pamamagitan ng kinikita niya sa paglilingkod sa SWA. Dahil kay RM ay natupad ang kanyang pangarap na "malinang ang likas na talino sa pagguhit" para sa kapakinabangan ng sarili at ng mga kaanak.

Nang pasinayaan ang sentro sa mga bulag at salanta ng SWA sa Barangka ay maraming panauhin ang naakit sa iginuhit ni Lingueta na mga larawan ni RM at ng Tagapamahalang Amparo Villamor ng SWA. Iyon ay itinanghal na kasama ng mga "likha" ng iba pang salanta.

"Lagi kong itinuturing na ang Pangulong Magsaysay ang nagbigay sa akin ng pinakamalaking pagkakataon sa buhay," ani Lingueta. "Kung di dahil sa kanya'y hindi ko matutulungan ang aking mga magulang at kapatid."

Minsan pang pinatunayan ni RM ang kanyang kagandahang-loob nang magsuri sa mga instalasyon ng Unang Purok Militar noong Agosto 31, 1954—ika-47 kaarawan ng kanyang pagsilang.

Kasama ang noon ay Kalihim Sotero Cabahug ng Tanggulang Pambansa, dinalaw ng "Idolo ng Bayan" ang mga pasyenteng kawal at Huk sa Ikalawang Himpilang Pagamutan ng II MA. Doon ay nakatagpo niya si Sarhento Eusebio Mendiola ng ika-12 BCT na nasugatan nguni't nakapatay ng dalawang Huk sa Papaya, Nuweba Esiha.

Itinaas ni RM ang ranggo ni Mendiola at binigyan ng pabuyang ₱50.

Sa paglilibot sa mga nayon ay nakita ni RM sa Saba, Lubaw, Nuweba Esiha ang isang mekaniko na nag-aayos ng sirang poso-artesyano upang masalukan ng malinis na tubig ng mga tagaroon. At ang mekanikong iyon, dahil sa ipinamalas na diwang-makabayan, ay hinirang ni RM na kapatas sa NASSCO.

Naging mabilis sa pagtulong si RM sa mga nangangailangan, lalo na sa mga "biktima" ng lindol, sunog, bagyo at iba pang sakuna. Halimbawa, nagtungo siya sa Kagayan nang maminsala roon ang bagyong Nancy noong Oktubre, 1954.

Sa pagsusuri sa Aling-Aling, Tamawini ay nakipag-usap ang "Kampeon ng Mahihirap" sa mga magsasakang nagpapatuyo ng kaaaning palay at mani. Ipinagtapat nina Gng. Bernardino Masindo, balong may limang anak, at Gng. Serapia Sagon na wala silang nabiling ano mang paninda sa pamilihan. Dali-daling iniutos ni RM sa noon ay Tagapamahalang Pacita M. Warns (Senadora Gonzales ngayon) ng SWA na bigyan ng rasyong pagkain sina Gng. Masindo at Sagon.

At sa pagmamasid sa isang bagay na iwinasak ng bagyo ay nakita ni RM sa itaas ng bubong niyon si Espiridion Consul. Matapos kapanayamin nang ilang sandali, si Consul ay pinagkalooban ni RM ng tulong na salaping ipagpapaayos ng bahay.

Nang magkaroon ng malaking sunog na tumupok ng may ₱20-angaw na ari-arian sa Lunsod ng Bakolod noong



**Abril, 1955** ay nanguna si RM sa pamamahagi ng tulong na panustos sa libu-libong napinsalang mamamayan. Kapagkarakang iniutos niya ang pagpapalabas ng ₱100,000 buhat sa kanyang guguling pangkagipitan.

Matapos makipanayam kina Gobernador Valeriano Gatuslao, Alkalde Manuel M. Villanueva, Kinatawang Carlos Hilado at sa mga pinuno ng hukbo ay itinagubilin ni RM ang madaliang pagbibigay ng gawain sa mga obrero upang malinis agad ang mga labi ng sunog at masimulan ang pagsasaayos ng mga tahanan.

Sa pamamagitan ng Rehabilitation Finance Corporation (RFC) ay kinatigan ni RM ang pagpapagawa ng pamilihang ginugulan ng may ₱335,000 upang madulutan ng kaluwagan sa pang-araw-araw na pangangailangan ang mga mamamayan, bukod sa tulong na panustos ng SWA at Krus na Pula.

Ang ganitong pagmamalasakit ni RM sa karaniwang tao ay nadama ng mga Musulman nang lumindol na ikinasawi ng daan-daang katao at ikinapinsala ng angaw na pisong ari-arian sa Mindanaw noong 1955. Nagtatag siya ng tanging lupong pinangunahan ni Manuel P. Manahan, tagapangulo noon ng PCAC, upang mangasiwa sa pamamahagi ng tulong sa mga mamamayan sa Lanaw, Misamis Oksidental, Sambuwangga del Sur at Suligaw.

Nguni't hindi nasiyahan ang "Kampeon ng Mahihirap" sa kanyang mga kinatawan lamang. Nagtungo siya sa Timog. Kasama sina Senador Emmanuel Pelaez, yumaong Senador Tomas Cabili, noon ay Kinatawang Domocao Alonto, Gobernador Salvador Lluch at Manahan, nilibot ni RM ang nasalantang mga purok.

Naantig ang damdamin ni RM nang makita ang mga bahay na winasak ng lindol o tinangay ng baha mula sa look. Nagpahayag siya ng pakikiramay sa mga Musulman, lalo na sa pagguho ng may ₱400,000 mosque o simbahan ng mga Mohamedano. Ipinangako niyang tutulong ang pamahalaan nang buong makakaya sa pagbabagong-tatag sa Mindanaw.

Sa laki ng pasasalamat, ang mga Musulman, sa pangunguna ni Hadji Sheik Honaid Mongombaya, ay sama-samang nanalanging pagkalooban ng Diyos ng mahabang buhay ang "Idolo ng Bayan".


Kaugnay ng palatuntunang pagpapaunlad sa mga nayon ay sinikap ni RM na madulutan ng mga kaluwagan ang mga mamamayan hindi lamang sa mga poso-artesyano, pa-

*(Sundan sa pahina 7)*




Masayang itinuturo ni RM ang paskel na inihanda ng "Magsaysay for President Movement" ukol sa kanyang kandidatura sa panguluhan noong 1953. Ang isinasaad ng titik ay ito: "Umanib at makiisa! Si Magsaysay para sa marangal, malinis at mahusay na pamahalaan."


# Isang Kaugaliang Pilipino...




**"PAGLIGAW"**

Sa baryo Hinundyan, Leyte, kapag nais ng isang lalaki na mapangasawa ang isang babae, hindi siya makapupunta sa bahay ng babae at hingin ang kanyang kamay upang pakasalan. Sa halip, dapat siyang magpapunta ng isang kaibigan (isang Abay) upang mamanhik para sa kanya. Sa pagdalaw na ito, ang abay ay maglalagay ng barya o pisong papel sa isang plato at ihahandog ito sa magulang ng babae bilang tanda ng pagnanais ng kanyang kaibigan na mapangasawa ang kanilang anak. Kapag sa kinaumagahan ay hindi ibinalik ang barya, ang lalaki'y malayang makaliligaw sa babae.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—

**GINEBRA SAN MIGUEL**

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*



Sa loob ng mahigit na isang daang taon, GINEBRA SAN MIGUEL ang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdulot ng higit na kasiyahan sa lalong maraming kapistahan at mga pagtitipon sa mga nayon at bayan sa buong kapuluan sapagka't nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 ng gabi.

*isang produkto ng*
**LA TONDEÑA, INC.**







"Iniatas kahapon ng Malakanyang sa mga pamahalaang-bayan ang pagpapatupad ng batas sa pinakamababang-sahod (minimum-wage law) sa pamamagitan ng pagbibigay ng ₱120.00 suweldo sa mga bumubuo ng kani-kanilang hukbo ng pulisya. "(Hulyo 22)

*Karamihan sa mga pulis ng iba't ibang munisipyo sa Kapuluan ay sumasahod ng mula sa ₱60.00 (o mababa pa) hanggang ₱90.00 lamang sa isang buwan. Kapos na kapos! Napakalaking bagay, para sa mga mamamayan na rin, kung gagawing ₱120.00 ang suweldo nila.*

*Ang kaliitan ng sahod ng mga pulis ng mga pamahalaang-bayan marahil ang kasagutan sa tanong na ito: Bakit mga kagawad pa ng NBI na di naninirahan sa bayang iyon ang nangakatutop sa isang malaking pahuwetengan doon gayong may mga alagad naman ng batas ang munisipyo niyon?*

---

"Kahit hindi tumataas ang halaga ng tinapay, marami ang nagsasabi, laluna ang nagsisibili ng *pan de sal*, na ang mga ito'y "lumiliit". (Hulyo 23)

*Bunga nito'y aangkat pa ang Pamahalaan ng sapat na arina para sa mga panaderyang pilipino. Natatakot kaming kung dumating na ang aangkating arina ay manatiling maliit pa rin ang mga pan de sal at mamahal pa, sa sumusunod namang dahilan: Namahal naman ang baking powder!*

---


Tatanuran ng Konstabularya mula ngayon ang mga kagubatan sa buong bansa upang mahadlangan ang labis na pagputol ng mga kahoy na nagiging dahilan ng malalaking baha, ayon sa utos ng Kampo Crame kahapon. (Hulyo 23)

*Kahoy pa rin (at mula sa bundok) ang iginagatong ng higit na nakararaming tahanang pilipino sa lahat ng lalawigan. Isa pa rin ito sa malakas na pagkaubos at wala sa lugar na paputol ng mga punungkahoy sa ating mga kagubatan. Upang maiwasan ang* pagtaas ng halaga *(nakasasawa na ang mga salitang iyan) ng panggatong, laluna ang mga pagbaha, dapat matuto si Tata Huwan. Ang kakawati at ipil ay maiinam na pambakod o naitatanim sa mga duluhan at madaling magsanga-sanga at lalong mainam na panggatong!*


---

"Isinumbong kahapon ni Manuel P. Manahan, kandidato sa Panguluhan ng *Progressive Party of the Philippines* (PPP) kay Brigadyer-Heneral Manuel F. Cabal, puno ng Konstabularya, na ang mga lider niya sa tatlong probinsiya ay pinagbantaan ng mga tauhan ng isang makapangyarihang lapian ng pananakit kung hindi "titigil ng pangangampanya para sa kanya."

*Ang mga nananakot kay Manahan ay mga tauhan umano ng isang kalabang partido. Isa pang pangyayaring nakakatulad nito ang nangyari sa PPP kamakailan sa Iloilo naman nang hamunin si Manny doon nang harapan ng isang taga-kalabang-partido rin. Kinasusurahan si Manny o kinatatakutan? Sa sabong, kapag ang isang tinali ay ayaw papanalunin, iyon ay tinutyope para manalo ang kalaban.* —GRF




# BALITANG PANDAIGDIG AYON SA KAMERA




**ANO ITO?** Sa biglang malas ay mag-iisip kayo kung ano ang tila bundok na tinitingala ng lalaki sa larawan. Nguni't mangingiti kayo, marahil, kung malaman ninyong isa lamang mataas na talaksan ng mga kahoy sa bundok na gagamitin sa pagyari ng papel sa Konogami Mill sa Quebec, Kanada.

**KATAKATAKANG TAO** si Bill "Pitchy" Cook ng Inglatera (makikita sa larawan). Buhat noong nakaraang digmaan ay ayaw siyang manirahan sa bahay-ampunan ng matatanda. Nais pa niyang manahanang nag-iisa sa isang di nagamit na "kublihan" ng mga kawal Ingels noong panahon ng digma at nasisiyahang mabuhay sa tulong ng mga mapagkawanggawa. Tinatangkilik naman siya ng marami dahil sa kanyang kabaitan, gaya ng dalawang dalagang ito na malugod na nagkakaloob sa kanya ng isang bote ng gatas.






**SI "ROCK"**, isa sa 44 na kunehong ginagamit sa Veteran's Hospital, Dallas, Texas sa isang pananaliksik sa sakit na kanser. Katulad ng 3 kasamang mga kuneho, si "Rock" ay nakauubos ng mahigit sa isang kahang sigarilyo sa maghapon, kaugnay ng pagsubok at pag-aaral ng mga dalubhasa kung talagang ang paninigarilyo ay nagiging sanhi ng kanser sa baga.





# MASASAYANG SANDALI SA "BERNARDO PARK"

Ngayong sumapit na ang tag-ulan, halos lahat ng mga tao ay napipilitang mamalagi sa kani-kanilang mga tahanan. Para sa mga kabataan naman, ito ay isang pagpapahirap sa kanila sapagka't natatali sila sa bahay, walang kalayaan at kasayahan na siyang hinahanap-hanap ng kanilang malilikot na katawan. Kaya ang maaliwalas na hapong yaon ay ikinasiya ng magandang tinedyer na si PILAR ARESPACOCHAGA. Sinamantala niya ang pagkakataong inihandog ng panahon, nagtungo siya sa kinagigiliwang pook, ang Bernardo Park, upang mamasyal mag-iskeyting at magpalipas doon ng masasayang sandali. —MRM



## KAIBIGAN NG MAHIHIRAP

Karugtong

aralan at lansangan kundi maging sa kalusugan. Batid ni yang ang kalusugan ay kapatid ng kasaganaan at kasiyahan.

Nang idaing ng alkalde noon ng Sumaraga, Samar na walang manggagamot o nars doon gayong may 10,000 populasyon ay madaling pinakilos ni RM ang PCAC sa pamamagitan ng naging Komisyonado Manahan.

At inilipat ni Manahan sa Kalihim Paulino Garcia ng Kagawaran ng Kalusugan ang karaingan ni Alkalde Bolok na 90 porsiyento ng mga namamatay sa Sumaraga, karamihan ay mga bata, ang hindi nabibigyan ng pangunang lunas.

Nagtalaga agad ang Kalihim Garcia ng mga manggagamot na nagtungo sa Sumaraga.

Noong Enero 4, 1956 ay isang pambihirang pangyayari ang naganap sa Mangabol, Bayambang, Pangasinan — pinulong doon ni RM ang kanyang Gabinete. Iyon, sa mga taga-Mangabol, ay nagsilbing patutoo ng pagmamahal ni RM sa karaniwang tao at ng hangarin niyang mailapit ang pamahalaan sa mga mamamayan.

Bago kumain ay inanyayahan ni RM na makisalo sa kanya ang isang matandang babae na magalang namang tumanggi: "Hibintayin na naming makatapos kayo, Apo Presidente."

Hindi gaanong nakakain ang "Kampeon ng Mahihirap" bagaman paborito niya ang mga pagkaing Ilokano. Nilapitan niya ang isa pang babaing may hawak na batang umiiyak. Itinanong niya kung kumain na ang bata.

"Hindi pa po, Apo Presidente," anang babae. "Naglakad kami nang tatlong kilometro sa pagparito upang makita kayo at hilinging lutasin ang aming suliranin sa lupa."

Sa utos ni RM ay pinakain ng babae ang bata. At nabadha sa mukha ni RM ang kalungkutan nang makita ang pagkaing baon ng babae — malamig na kanin at kamatis. Hindi niya natiis na di itanong: "Iyan lang ba ang pagkain ninyo?"

"Mahirap kami, Apo Presidente, nguni't maligaya na kami pagka't nakita namin kayo. Ang pagkakataong ito'y hindi namin malilimot na mag-ina."

Dahil sa pagmamalasakit sa kapakanan ng mga dukha, ang kamatayan ni RM ay iniluha ng sambayanang Pilipino, lalo na ng karaniwang mamamayan, pagka't naging isa siyang mabuting Pangulo at kaibigan.



Nang ipahayag ni RM noong 1953 ang dalawang kandidato sa pagka-Kinatawan ng Nasyonalista sa ikalawang distrito ng Tarlak, Tarlak. Makikitang nagigitna sina RM at Gobernador Arsenio Lugay nina Abogado Constancio Castañeda (kaliwa) at Abogado Tirso U. Aganon (kanan).


## Mamahinga muna upang dagling magpasigla





# Hayaang idulot sa inyo ng Coca-Cola ang pinakamasiglang sandali

Kapag kayo'y napagod at nauhaw at malayo pa ang inyong patutunguhan—magpasigla sa pag-inom ng pinalamig na Coca-Cola. Sadyang kalugud-lugod at kasiya-siya ang lasa! Ito'y sadyang nagpapaginhawa at nagpapasigla! Sa buong daigdig ay walang matatagpuang katulad nito. Uminom nito ngayon!

DRINK Coca-Cola
30TH ANNIVERSARY IN THE PHILIPPINES 1927-1957

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA: **SAN MIGUEL BREWERY**



# KARI-KARING HIPON SA KANIN...

**Padala ni Aurora Jeģiel**

**Mga sangkap:**

½ tasang bigas
¼ kilong hipon
2 butil na bawang
½ kutsarang pulbos ng kalawag (curry powder)
1 tasang gata ng niyog
1 tasang tubig (para sa pagsasaing)
2 kutsarang mantika
1 sibuyas (tinadtad)
½ tasang sabaw ng binayong ulo ng hipon
paminta at asin.

**Paraan ng pagluluto:**

Isaing ang bigas at itabi muna pagkatapos.
Igisa sa mantika ang bawang at sibuyas.
Kung nangangamoy na ay ilahok ang hipon.
Timplahan ng asin at paminta.
Kung inaakalang luto na ang hipon, isama ang sabaw ng pinagbayuhan ng hipon at ang pulbos ng kalawag.
Pagkaraan ng ilang sandali, ilahok ang gata. Hinaan nang kaunti ang apoy. Haluin nang pasaglit-saglit upang mahalong mabuti.
Pagkaraan ng tatlong minuto ay palamigin.
Magbilog naman ng kanin sa isang platong bilog. (kailangang maging guwang ang gitna.) Isalin ang pinalamig na ginisang hipon sa guwang.
Hanayan ng siling pula at nilagang itlog na hiniwa nang makikitid at pahaba, sa ibabaw at sa gilid.
Upang lalong maging masarap ang anyo, lagyan ng dahon ng parsli sa gitna (tingnan ang larawan).

## *Mga Pagkain Natin*

# INIHAW NA KARNE (*BARBECUE*)

**Padala ni Glo Morales**


**Mga sangkap:**

½ kilong tadyang ng baboy
1 kutsarang pulot (honey)
1 kutsarang asin
1 kutsarang toyo
kapirasong luya (pinitpit)
½ kutsarang katas ng kalamansi

**Paraan ng pagluluto:**


Punasan ng basang damit ang tadyang, pagkatapos ay putul-putulin ng tig-dadalawang pulgada.
Ibabad sa pinaghalu-halong toyo, asin, pulot, luya at katas ng kalamansi. Patagalin ng isang oras.
Ihanay sa ibabaw ng parilya ang pira-pirasong karne.
Iihaw hanggang maluto. Iwasan ang pagkasunog upang hindi pumait ang iniihaw.
Maaaring ketsup, o mafran ang gawing sawsawan.





# Kayo at ang inyong Sanggol

ni Dr. Fe del Mundo
Isinalin sa Tagalog
ni Paraluman S. Aspillera



**(Karugtong)**

PINGKAW — May mga sanggol na ipinanganganak na pingkaw ang paa. Sa simula, ito'y hindi kapansin-pansin nguni't habang lumalaon ay nahahalata na rin. Kung ito'y makita sa panganganak pa lamang sa bata, maaaring naipit ito sa puwerto o ng bata na ring sarili. Kung minsan naman ito'y nangyayari pagkatapos ng panganganak.

Ang pingkaw na paa ay dapat iwasto kaagad upang ito ay di maging palagian. Sa simula, maaaring turuan ang mga ina ng ilang paraan upang maehersisyo ang paa at maiwasan ang pagpasok nito, nang paloob. Iniwawasto ito ng mga ortopedista sa pamamagitan ng paglalagay ng bangkat o hulmahang yeso, upang hindi magalaw. Ang maagang paglunas ay nakabubuti sapagka't maaga ring nagagamit ang mga paa.

ANG SAPATOS: — Bago magsimulang lumakad ang bata, malalambot na sapatos o botas ang ipasusuot lamang. Pumili ng mga sapatos na malambot ang suwelas upang hindi mapigil ang paglaki ng paa ng bata. Maaaring piliin ang mokasin o botas. Tingnan na magkaroon ng mga kalahating pulgadang haba ang sapatos kaysa sa dulo ng paa.

SAKANG: — Ang mga binti ng bata ay maaaring sakang. Ang mga ina ay alalang lagi sa hugis ng binti ng kanilang mga anak lalo na kung ito'y babae. Ang mga binti ay sakang kapag ang mga binti ay nagkakalayo at ayaw magkalapat kung pinagdadaop ang mga tuhod. Hangga't hindi naman totoong baluktot, ito ay hindi dapat ikabalisa lalo na sa mga sanggol na malulusog.

Ang pagkasakang ay maaaring bunga ng isang sakit ng mga buto, masamang tubo o pagkabansot. Ito ay nalulunasan ng mga manggagamot ng buto sa pamamagitan ng paglalagay sa hulmahang yeso.

PIKING TUHOD: — Ilan lamang ang sanggol na nagkakaroon ng piking tuhod. Kapag ang tuhod ng bata ay pinaglapit nguni't magkalayo pa ang binti, ang bata ay may piking tuhod. Madalas na sanhi nito ang mahihinang laman at kung minsan naman ay kaalinsabay ng pagkakaroon ng paang-pato. Ang pagehersisyon nito sa pamamagitan ng pagdiin sa mga binti, pataas sa tuhod hanggang ito'y magkapantay, ay nakabubuti rin. Hindi ito nangangailangan ng ano mang operasiyon. Lalong karaniwan ang piking tuhod kaysa sa sakang.

DEPEKTO SA BAYWANG: —Nahahalata kaagad ang depektong ito sa baywang kung ang buong katawan ng bata ay nahihirapan kapag ang hita ay ikinikilos na palabas. Sa kapinsalaang ito, ang pinakabuko ng buto sa hita (femur) ay hindi lumalagi sa butas nito sa balakang. Sa pagsusuri ng manggagamot, natutuklasang ang isa ay mahaba kaysa sa kabila. Maaaring patibayan ang pagsusuri ng doktor sa pamamagitan ng X-Ray. Lalong mabuti na makita ang depektong ito nang lalong maaga upang hindi totoong makapinsala sa mga buto ng balakang.

## ANG PAGHINGA NG SANGGOL

Kung pinagmamasdan natin ang sanggol sa kanyang pagtulog, nagtataka tayo kung minsan dahil sa kanyang paghinga. Ito'y napapadalas kung minsan, at dumadalang din naman at lumalalim. May sandali ring tila ang paghinga ay tumitigil at pagkatapos ay biglang dadalas na naman. Ang pag-iiba-ibang ito ng paghinga ay karaniwan sa mga sanggol lalo na kung sila'y natutulog.

Mapapansin din natin na ang paghinga ng mga sanggol ay may kabilisan kaysa sa atin. Ang isang sanggol na bagong panganak ay humihinga ng 45 beses kung gising at 35 beses kung natutulog sa loob ng isang minuto. Kung siya'y may 2 taon na, ang paghinga ay nagiging 27, sa limang taon 22 beses at kung sampung taon na ay may 20 beses na lamang sa isang minuto. Ang kabilisan ng paghinga ay nababago rin naman ng lagnat, impeksiyon, pagiyak at galaw ng bata.

Kung ating pagmamasdan ang paghinga ng bata kung siya'y natatahimik, makikita nating ang gumagalaw ay ang kanyang tiyan. Nguni't habang siya'y lumalaki, ang kanyang paghinga ay makikita na sa paggalaw ng kanyang dibdib, kaya't nasasabi nating ang paghinga ng isang sanggol ay sa tiyan, at ang sa malalaki nang bata at mga matanda ay sa dibdib.

Ang lalim, dalas at bilis ng paghinga ng sanggol ay nababago sa kaunting kapinsalaan. Ito'y nangyayari dahil sa kamuraan pa ng isip ng sanggol upang supilin ang takbo ng paghinga. Nguni't kapag siya ay may 2 taon na, ang regular na paghinga ay unti-unti nang mapapansin.

Ang ilang sakit sa baga o hingahan ng sanggol ay pinagmumulan ng malakas na paggalaw ng tiyan at dibdib nito sa paghinga. Ang pagitan ng mga tadyang ay labas-masok kung humihinga ang bata. Kung malubha ang mga sakit na ito, ang sanggol ay hindi makahinga nang maluwag at parang naghahabol ng hangin na siyang pinagmumulan ng paghinga nito. Ang ganitong kalagayan ay nakikita sa mga sakit na dipterya, bronkoneumonya at hika.

Ang pagbabago rin naman ng paghinga ay nangyayari dahil sa ibang dahilan. Ang mababaw at madalas na paghinga ay nakikita kung ang sanggol ay nalalason. Kung ang sanggol ay nagsusuka at nagkukurso kaya, ang kanyang paghinga ay madalang at malalim.

Kapag ang sanggol ay nasa kalubhaan sa meninghitis o ibang sakit, ang paghinga ay mabilis, malalim at parang mahirap, na sinusundan ng pagtigil nang matagal. Sa sanggol na may kalubhaan, may mahahabang sandaling ito'y hindi humihinga. Ang paghinga ng sanggol ay isang palatandaan ng kalubhaan ng sakit nito at nagbabadya rin ng mga nararapat na kagamutan at lunas.

PAGPAPAWIS:—Maraming mga ina ang nagtatanong kung

*(Sundan sa pahina 31)*

# Wala Na Ang Aking Di'Pagkatunaw!




**Ako'y laging umiinom ng PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA**

Dahil sa nagdudulot ng **ganap na ginhawa** kaysa laksanteng iisa ang hangarin. Ang Phillips Milk of Magnesia ay kapwa nilulunasan ang di natutunawan at pangangasim ng sikmura. 2 hanggang 4 na kutsara ng Phillips Milk of Magnesia na inumin bago matulog ay malumanay na nagkakabisa—Kaya, sa kinaumagahan, simulan ninyo ang araw na may kahanga-hangang pakiramdam. Laging maglaan ng Phillips Milk of Magnesia.

BANAYAD SA MGA BATA

GANAP ANG BISA SA MGA MATANDA!




**PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA**

Eq. E. contains 34 to 40 gr. Magnesium Hydroxide 12-2

Tangkilikin ang Anunsiyante ng BAGONG BUHAY!

## Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

Tutungo sa Europa ang isa kong kaibigan. Ang aking suliranin ngayon ay kung ano ang maibibigay ko sa kanya sapagka't sa aking palagay ay mayroon na siya ng lahat ng bagay... Ano ang nararapat kong gawin?

*Kung kapalagayang-loob mo ang taong iyon o isang matalik na kaibigan kaya, bakit hindi pera ang ibigay mo sa kanya? Lakipan mo ng isang card at isulat ang ganito: "Para sa isang hapunan sa isang tanyag na restawran sa Europa. Ipalagay mo na lamang na kasama mo ako..."*

*Kung sakali naman at siya'y hindi lubhang malapit sa iyo, sa pagbili mo ng alaala, iwasan ang pagbibigay ng mga bagay na mabibigat sapagka't ang lahat ng mga dala-dalahan ng mga sasakay sa aeroplano ay tinitimbang. Maaaring medyas ang iyong bilhin, bukod sa gamitin ay magaan at hindi lubhang nakakabigat sa kanyang mga gamit.*

---

Kailangan bang basbasan ang isang bagong tahanan?

*Sa ganang akin, ang ganyang kaugalian ay hindi lubhang mahalaga, malimit nga lamang tayong makasaksi ng gayong uri ng pasinaya dahil sa pagnanais ng mga kaibigan na magkaroon ng masayang simula ang paninirahan doon ng mga bagong lipat. Kung minsan naman, ang mga nagsilipat ang kusang nag-aanyaya sa kanilang mga kaibigan na dumalo sa kanilang iniibigay na pasinaya upang makita ang kanilang bagong tahanan.*

---

Suliranin ko ang isa sa aking mga panauhin. Wala na siyang ginawa kundi ang itanong ang halaga ng lahat ng mga bagay (upa sa bahay, ng mga silya, ng *lampshade*, atbp.). Papaano ko siya masasansala nang hindi ko masasaktan ang kanyang kalooban?

*Nagpapakilala ng kakapusan sa kaalaman tungkol sa magandang asal ang iyong panauhin. Wala kang dapat gawin kundi ang magkibit ng balikat at sabihin ang ganito sa isang paraang hindi ka niya mahahalataan ng pagkainis: "Hindi ko na matandaan..." o iba pang dahilang magiging kapani-paniwala at magpapahiwatig sa kanya ng hindi mo pagkalugod sa kanyang mga tanong.*







# KASUOTANG PANDALAGITA



MALAKI ANG NAGAGAWA NG MGA LASO SA PAGPAPAGANDA NG MGA TABAS NG DAMIT NG KADALAGAHAN. ITO'Y PINATUTUNAYAN NG DALAWANG KASUOTANG MAKIKITA SA MGA LARAWANG NASA GAWING ITAAS. ANG MAKIKITID NA PUNTAS SA LEEG NG NASA GAWING KALIWA AY SINULUTAN NG LASONG ITIM SAMANTALANG ANG NASA GITNA NAMAN AY SA LEEG AT SA MAY BAYWANG. ANG *CHECKERED* NA TELA SA KANAN AY GINAWANG PALDA AT BLUSA. MAY PELEGIS ANG PALDA AT ANG BLUSA NAMAN AY MAY MAKITID NA KUWELYO, BOLGANG MANGGAS AT KINABITAN NG MAGAGANDANG BUTONES.







# PARA sa "CHILDREN'S PARTY"



Ang limang maririkit na yari ng damit na nakaguhit sa pitak na ito ay sadyang tinahi para sa mga bata. Kailangan ng inyong mga anak na babae ang magagandang damit na magagamit sa pagdalo sa iba't ibang pagtitipon o kasayahan, tulad halimbawa ng *birthday* o *children's party*. Lalong nagiging kaakit-akit ang mga kasuotan dahil sa laso (maliliit at malalaki), *tucks* at puntas na ipinalamuti. Ang pagsusuot ng sapin-sapin na pakambang o lalong palasak sa tawag na "*petticoat*" ay makadaragdag sa kagandahan ng mga damit sapagka't sa pamamagitan niyon ay lalong mapapansin ang mga palamuting nakatahi sa maluwang na palda.







Gng. Angelina Zamora

# *Gng. Angelina Abad-Zamora*

# ULIRANG KAWANI NG PAMAHALAAN

***Pakikipanayam ni M. Salome Tonsay***



Larawan ng mag-aanak na Zamora na kuha sa kanilang tahanan noong Paskong nagdaan. Ang tatlong bata ay sina Francisco, Raul, Jr. at Charie.

NOONG PANAHON ng panunungkulan ng yumaong Pangulong Quezon ay mabibilang sa daliri ang mga babaing naglilingkod sa mga tanggapan ng pamahalaan, at kung mayroon man ay bilang karaniwang kawani lamang. Nguni't may ilang masisikap na kababaihang nagkaroon ng lakas ng loob na ipaglaban ang karapatan nila. Katulad din ng naghihimagsik na damdamin ng ilang kababaihan sa ibang bansa, nais ng mga Pilipinang ito na maipakilala sa mga pinuno ng ating pamahalaan na kahit anong tungkulin sa alin mang tanggapan ay kayang gampanan ng babae, gaya ng nagagawa ng mga lalaki. Ang kababaihang ito ay siyang naging tagapagpasimula sa kilusang nagpapakilala ng angkin nilang lakas, kakayahan at kaalaman sa maraming bagay na dati'y ginagampanan lamang ng mga lalaki. At sila'y nagtagumpay.

Sa kababaihang ito na tinatalakay natin ay nakakabilang ang pangalan ni Gng. Angelina Abad-Zamora, ang Pangalawang Hepe sa "Foodstuff section" ng **Appraisers' Division** sa Adwana.

Si Gng. Zamora ay nagtapos ng Parmasya sa Unibersidad ng Sto. Tomas noong taong 1935. Nguni't sa halip na ipagpatuloy niya ang kanyang propesyon bilang parmasyotika, ay kabilang siya sa mga nagsikuha ng eksamen sa Serbisyo Sibil, at noong taong 1939 ay isa siya sa limang babaing nabigyan ng gawain sa Adwana. Ang pagkakaroon nila ng gawain sa pamahalaan ay masasabing "sapilitan" sapagka't kinailangan pang makuha ng noon ay Kalihim Manuel Roxas ng Pananalapi (naging Pangulo rin ng ating bansa ang pagsang-ayon ng Pangulong Quezon bago sila tinanggap.

Nang mapalagay sila sa tungkulin ay sinimulan nila ang lahat ng kaparaanan upang maging karapat-dapat sila sa gawaing ipinagkatiwala sa kanila. At sa pamamagitan ng pagsisikap, tiyaga at walang tigil na pag-aaral, halos magkakasabay na napataas sila nang napataas sa tungkulin. Ang **Appraisers' Division** ng Adwana ay nahahati sa limang seksiyon: (1) **Foodstuff,** (2) **Textile,** (3) **Machineries,** (4) **Hardware** at (5) **Miscellaneous.** Sa mga seksiyong ito ay tatlo sa kanilang limang babae ang naghahawak ng mataas na tungkulin, at si Gng. Zamora nga ay Pangalawang Hepe sa "Foodstuff Section." Si Gng. Zamora ay may 18 taon na ngayong naglilingkod sa Adwana. Tumigil lamang siya sa paglilingkod nang sumiklab ang digmaan at nang muling magtrabaho ay nitong liberasyon. Noon, ayon sa kanyang pagkakatanda, ay Agosto ng 1945 at ang pansamantalang tanggapan ng Adwana ay binuksan sa isang pook sa Binundok.

Utang sa pagsisikap ni Gng. Zamora at ng ilan pang kababaihang nagsipagsakit na katulad niya ang pagkakaroon ng matataas na tungkulin sa pamahalaan ng ilang Pilipina, katulad ng ating nasasaksihan ngayon.

Sapagka't iilan lamang ang mga babaing nasa tanggapan ng Adwana, tinanong namin si Gng. Zamora kung sino ang maraming lalaking naroroon. Sinabi niyang karamihan sa mga iyon ay mga tauhan sa piyer at ang iba ay mga inutusan lamang ng mga kompanya upang ayusin ang mga papeles o talaan ng mga kargadang inilalabas sa Adwana. Bahagya siyang napatawa nang pabirong sabihin namin kung hindi sila natatakot na iilan lamang silang babae roon.

"Bakit kami matatakot o mangingimi sa kanila? Nababalita nga lamang na ang mga tauhan sa piyer ay gayon at ganito, subali't ang tutoo ay mababait sila at magagalang sa amin. Kami ay 15 babaing naglilingkod sa tanggapang ito sa kasalukuyan at natutuhan nila kaming pagpasundan at pagpakitaan ng mabuti," paliwanag ni Gng. Zamora.

Ayon kay Gng. Zamora, ang kababaihan sa Pilipinas ay hinahangaan sa ibang bansa lalo na sa Amerika na siyang kauna-unahang bansang nagbigay ng malaking karapatan at pagpapahalaga sa kababaihan. sapagka't inilahad niya ang iba't ibang matataas na tungkuling hinahawakan ng mga Pilipina sa tanggapan ng pamahalaan. Dahil diyan, sinabi niyang hindi nahuhuli ang mga Pilipina sa mga Amerikana, at ang bagay na iyan ay napatunayan niya nang siya ay makasama ng kanyang kabiyak, ni Inhinyero Zamora, sa paglalakbay sa Estados Unidos noong 1951. (Si G. Zamora ay isa sa matataas na punong tagapagpaganap ng STANVAC at sila ay naglakbay noon sa gugol ng nasabing kompanya kaugnay ng tungkulin ni G. Zamora). Sa paglalakbay na nabanggit ay nagkaroon ng pagkakataon si Gng. Zamora na madalaw ang iba't ibang Adwana sa Amerika at sa Europa.

Ang isang bagay na napuna niya sa mga babae sa Amerika, na wika niya'y siyang dapat "pulutin" ng ating kababaihan, ay ang pagiging maliksi sa pagtupad sa mga gawain. Maging sa paglalakad ay yuko ang mga ulo at mabilis ang mga hakbang at hindi nag-uukol ng panahon sa pakikialam sa buhay ng may buhay. Sa kanyang pagmamasid ay nabatid niyang pagkapanggaling ng mga ito sa tanggapan (marami sa mga ginang na Amerikana ang nagsisipaglingkod din sa iba't ibang tanggapan) ay buhos naman ang loob at panahon sa mga gawain sa tahanan. Bihirang-bihira ang may katulong sa bahay pagka't madalang ang pumapasok na katulong doon, bagay na nag-uutos sa mga maybahay na magsikap sila sa kanilang sarili upang maharap ang mga gawain sa tahanan. Karaniwan sa kanila ay may mga talaang sinusunod, maging sa mga gawain dapat tapusin sa loob ng maghapon, sa mga bagay na dapat bilhin at sa pagbabadyet ng kanilang kita. Sa tatlong buwang inilagi ni Gng. Zamora sa Estados Unidos ay wala raw siyang naki-

*(Buhat sa pahina 17)*

pakikipanayam (daw)
ni MARIO NIEVES

# O, Wendy, Wendy, Bakit Mo Kami Pinarusahan?

HAWAK-HAWAK ni Ingkong Ando ang kanyang tabak. Kinakalawang na ang tabak nguni't sa talas niyon, ay mababakas pa ang naging kalupitan nang panahon ng Kastila.

Tumayo si Ingkong Ando. Iwinasiwas ang tabak. Kung ilang ulit siyang nagtataga sa hangin. Ulos dito, ulos doon.

Nasugatan marahil ang hangin. Bigla iyong sumalpok kay Ingkong Ando. Napaupo si Ingkong Ando. Kungdi tumilampon sa malayu-layo ang kanyang tabak ay nahagip sana siya niyon.

Ngumiti-ngiti na si Ingkong Ando. Bakit kaya? Siya kaya'y nahihibang? At kung nahihibang... manghabol kaya ng taga?

Kailangang siya'y makapanayam. Kailangang malutas ang misteryo... o kaya'y maliwanagan man lamang. Maka-entrada na nga:

**T. Ano po ang dahil, at kayo'y may ngitngit? (Ala-moro-moro ang himig ng pagtatanong.)**

S. Hoy, hoy, tumabi-tabi ka riya't baka sa iyo ko ialdabis ang itak ko!

**T. Huwag po kayong magalit. Malalagay ito sa diyaryo; bakit po kayo taga nang taga sa hangin?**

S. Basta... galit na galit ako. Alis diyan, galit ako!

**T. Kanino po?**

S. Diyan sa katabi mo.

**T. Sino pong katabi?**

S. Iyang si Wendy. Naku, Wendy ka!

**T. Wala po akong nakikita, a?**

S. Talagang ganyan 'yan. Hindi napakikita! Traidor 'yan. Tumingin ka sa itaas. Wala na ang dating bubong namin. Tinangay ng Wending iyan at kung saan dinala.

**T. Nasaan nga po si Wendy? At ang bubong?**

S. **Reporter** ka, e hindi mo alam kung sino si Wendy! Siya po ang bagyong nagdaan, ginoong **reporter.** (Panunuya.)

**T. A, siya ba ang ibig ninyong tukuyin?**

S. Naku, hindi mo lamang nalalaman. Daming kapighatian ang idinulot niya...

**T. Kalimutan na ninyo iyan. Di po ba kangina'y nakita ko na kayong ngumiti?**

S. Tama, sapagka't sa wakas ay nataga ko rin siya. Hayan, nananahimik na si Wendy.

**T. E, di ngayon po'y wala na kayong galit?**

S. Oo sana. Nguni't tuwing maaalaala ko'y...

**T. Ano po?**

S. O, Wendy, Wendy, bakit mo kami pinarusahan? Hindi namin akalain!

**T. Iyan po ba ang lagi ninyong** inaawit?

S. Hindi awit 'yan. Umiiyak ako.

**T. Dahil po sa ano?**

S. Ang ulit mo naman, e. Sinabi nang pinarusahan kami. Tinangay ang bubong namin, at saka... at saka...

**T. Ano pa po?**

S. Marami pa. Iisa-isahin ko sa iyo.

**T. Sandali lamang po. Kayo ba'y may kasama rito sa bahay?**

S. Kasama iyan sa kuwento ko.

**T. Pakikinggan ko po. Iyan po ba ang natatangi ninyong karanasan?**

S. Ito nga ang **nakatatangis** kong karanasan: Alam mo, kamakailan lamang ay dalawa kaming nananahanan dito — ako at ang aking si Mely.

**E. Sino po si Mely?**

S. Ang pinakamamahal kong tuta.

**T. Masaya po kayo marahil noon, ano pa?**

S. Maligaya kaming nagsasama. Hanggang sa nang kamakaila'y matunugan kong darating daw iyang bagyong si 'Wendy'.

**T. Ano po ang ginawa ninyo?**

S. Siyempre, humanda sa pakikihamok. Pinatatag ko ang bahay na ito. Inilubog ko ang haligi sa lupa upang hindi matangay, aniko, kung sakaling bumaha. Napuna mo marahil na wala ka nang inakyat na hagdan.

**T. Pagkatapos po?**

S. Malayo pa ang katapusan, iho. E, di tumibay na nga ang bahay, at naghintay na kami ni Mely sa pagdating ni Wendy. Ang hirap kamo nito, sumala ang aming kalkulasyon.

**T. Bakit po?**

S. Dahil sa walang nagbalita kung gaano **kalakas** si Wendy, inasahan naming bumaha man ay hindi lalagpas sa sakong ang tubig. Kaya, wala akong kamalay-malay ay nasawi ang unang biktima — ang aking si bulik.

**T. Ano po naman ang ikalawa ninyong pagdurusa?**

S. Ang pagkaanod ng mga kasangkapan ko. Walang natira sa akin kahit ano, maliban sa aking tabak.

**T. Kung gayon po'y malaki na noon ang baha?**

S. Hanggang baywang ko na noon. Abot na rin sa dinding ng bahay ko dahil nga sa ibinaon ko ang mga haligi. Nang lumalalim na ang gabi ay napuna kong tumataas pa ang tubig. Nagsuspetsa na ako, kaya dali-dali akong nagtindig.

**T. Saan po kayo nagpunta?**

S. Wala. Basta naghintay-hintay pa ako. Kinarga ko na si Mely dahil sa hindi na siya makaarok sa tubig. Nang maglaon ay napuna kong kumakawag na siya. Hanggang dibdib ko na pala ang tubig noon.

**T. Siyanga po?**

S. Hindi biro ito. At nang hindi ko na rin matagalan ang ginaw ay binitiwan ko na si Mely.

**T. At nagkawalay na po kayo?**

S. Hindi pa. Lumangoy siyang palabas ng bahay, at ako nama'y nag-usisa sa nangyayari sa labas. Nakita kong may ilang bahay nang naaanod. Nahulaan ko na ang mangyayari noon.

**T. Ano po ang hula ninyo?**

S. Na tataas pa nang tataas ang tubig. Ang ginawa ko'y umakyat na ako sa aking bubong.

**T. Ano po naman ang naging kapalaran ni Mely?**

S. Nagkita kami sa bubong. Nakalangoy pala siya hanggang doon. Nguni't sandali lamang kaming nagkaniig. Pagkuwa'y humabol sa amin ang baha. Tinangay si Mely.

**T. At inulila na kayo ng inyong tuta?**

S. Oo. Nakita ko pati ang unti-unti niyang paglubog. Nakahihindik. Sa kalungkutan ko'y hindi ko tuloy napunang nalulunod na pala ako noon.

**T. Bakit po buhay pa kayo ngayon?**

S. Salamat na lamang at nasagip ako ng isang namamangka sa kalyehon.

**T. Ano po ang nangyari sa iba ninyong kapitbahay?**

S. Tulad ng makikita mo ngayon, higit sa kalahati ang nabawas sa aming populasyon. Ang nabawas na iya'y nangalunod nang gabing yaon. Kung nakita mo sana ang pagkakawag nila! Parang katulad ni Mely.

**T. Ang lungkot pala ng sinapit ninyo, ano po?**

S. Kalungkut-lungkutan. Isipin mo na lamang ang aking kinabukasan! Saan ako tutungo? Magpalimos? Umasa sa Krus na Pula? Ilan kaming sinawi ni Wendy? Mabuti kung matulungan kaming lahat!

**T. Sino po ngayon ang sinisisi ninyo?**

S. Ewan ko. Ayaw kong sumisi ng mga tao. Marunong silang mangatuwiran. Mabuti pang si Wendy na lamang ang habulin ko ng taga. Kung ilang beses ko pa siyang mauutas!

**T. E, adiyos na po, Ingkong Ando.**

S. Huwag ka na sanang bumalik uli, pagka't...

**T. Pagka't ano po?**

S. Pagka't tuwing magugunita ko'y... (O, Wendy, Wendy, bakit mo kami pinarusahan?)



## Pangkabataan

# "ITO ANG AKING AKDA"

### Kawanggawa

Isa si Ramon sa mga naatasan ng kanilang guro na gumawa ng isang kuwentong pang-estudyante na isasali sa timpalak na idaraos ng kanilang paaralan. Kaya, hanggang sa uwian nila ay parang wala siya sa kanyang sarili. Napansin iyon ni Lety kaya nangusap.

—Mahirap ang tuntunin natin, ano, Ramon?

—Oo nga. Ang hirap, e. May naisip ka na ba?

—Wala, magpapagawa na lang ako sa Tatay ko. Ikaw, mayroon na? —ang nakangiting tugong-patanong ni Lety.

—**First honor** ka e, wala?

—Nakakahiya nga, Lety, kay **Miss** Anselmo. Baka isipin niya na hindi ko pinag-aaralan ang "subject" niya.

Nagpatuloy ang dalawa sa paglalakad habang nag-iisip. Si Ramon ang hinihinuhang magbabalediktorian sa kanilang klase, at siya ay nahihiya sa kanilang guro, kung walang takdang-aralin o anumang ipinagagawa sa kanila. Madalas na makagalitan siya ng kanyang ina sa hindi pagtulong sa mga gawaing-bahay, at panay pag-aaral ang kanyang inaasikaso. Kaya, hindi siya makapagbigay ng tiyak na sagot sa kaniyang guro kung siya ay makagagawa o hindi ng kuwentong pantimpalak, sapagka't sabi ng nanay niya ay wala naman daw makata o manunulat sa kanilang angkan. Hindi niya namamalayang nakarating na pala sila sa tapat ng bahay nina Lety, kung hindi pa siya niyaya nitong magdaan muna.

—Huwag na, Lety, mag-iisip pa ako ng "plot" para sa aking kuwento. Mapapasubo yata ako rito, e. Diyan ka na, ha?

At nang makarating siya sa kanila, ay pahagis na inilapag ang mga aklat sa hapag at umupong patalungko sa hagdan. Gulung-gulo ang kanyang isipan at hindi maubos maisip na sa isang kuwentong pang-estudyante ay mapapahiya siya kay **Miss** Anselmo. Nakapangunot-noo siya sa pagkakatalungko, nang sa-lalapit ang isang matandang pulubi.

—Ato, maawa ka nang maglimos sa akin, hindi pa ako kumakain, —ang nagmamakaawang samo ng matanda.

Padabog na manhik si Ramon at hindi man lang pinansin ang kaawa-awang pulubi.

—Nakakasuya naman, may naisip na 'ko e, nawala, tuloy, hu!

At sa bintana naman siya nangalumbaba. Hindi siya mapakali. Naroong sulyapan ang matandang tumatawid na noon sa daan, naroong mag-isip ng paksa ng kuwento. Nguni't pamayamaya'y nangislap ang mga mata at ang nasabi sa sarili: —Kung ang nanay kaya ang matandang ito, na maghahanap ng makakain pagka't ako ay maysakit, paano kaya?

At naalaala niya ang kasabihang mabuti ang magbigay kaysa tumanggap. Kaya, agad siyang nagtindig at hinabol ang pulubi. Dinukot sa kanyang bulsa ang diyes na natira sa kanyang baon.

—Lola, pagdamutan na po ninyo ito, nabigla po lamang ako kanina. —At iniabot sa matanda ang pera.

—Salamat, Ato. Diyos na ang bahalang gumanti sa iyo. —At umalis ang matanda.

Biglang nakaramdam ng kasiyahan si Ramon at habang pumapanhik ay binabalangkas ang paksa ng kanyang kuwentong "Kawanggawa".

**—LOURDES S. CASTRO**
**16 taong gulang**
**Panghulo, Ubando**
**Bulakan**

---

** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" at... abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: huwag kukulangin sa kalahati (½) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space).

Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nasa ibaba. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon, alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlong kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.

Ipadala ang inyong akda, sa: **Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA", Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.**

---

## AWIT NG LAGALAG

*Lakad, lakad, tuluy-tuloy, walang tigil kahit dilim,*
*Bawa't hakbang ay patungo*
*Sa kung saang di ko talos ang hanggahan at daratnin;*
*Puyat, pagod, gutom, uhaw, ah! hindi ko pinapansin,*
*Patuloy din ang paglakad—*
*Panata kong itong mundong sakdal lawak ay lakbayin.*

*Kapag ako'y nagdaraan sa lansangang sadyang hayag,*
*Oh, sa-aking abang lagay,*
*Mapanuring mga mata ay pakutyang nakamatyag;*
*At kay-limit kong marinig matutunog na halakhak,*
*Kasunod pang sinasambit:*
*"Hayan, hayan, ang palaboy... hayan, hayan, ang lagalag!*

*Nguni, ako, sa kanilang pag-aglahing masasakit,*
*Sa palakad, ulo'y yuko,*
*At para bang ang pag-uyam ay hindi ko naririnig,*
*Maano ba kung ako man ay lagalag na masambit,*
*(Ito naman ang tutoo't*
*Sa buhay kong aping buhay siyang gawad ng daigdig...)*

*Lakad, lakad, tuluy-tuloy, walang humpay kahit dilim,*
*Bawa't hakbang ay patungo*
*Sa kung saang di ko talos ang hanggahan at daratnin;*
*Maawaing Panginoon...! kahabaga't h'wag itakwil—*
*(Sa aba ng aking palad...*
*Ang pinto ng kalangitan kaylan ko pa mararating...?)*

**—Fernando M. Calingasan**
**San Pablo Colleges**
**San Pablo City**

---

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay,
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ..........................................

..........................................

Pangalan: ..........................................

.......................................... Edad: ........

Tirahan o paaralan: ..........................................

..........................................

---

## PAG-IBIG NG ISANG GURO

MULI na namang masiglang pumasok sa aming silid-aralan si Bb. Tagala. Pagkalapag ng kanyang Balarila ay nagsimula nang magpaliwanag at magtatanong. Labis akong nagtataka kung bakit biglang-bigla ang pagbabago niya. Dati'y walang sigla siyang magturo. Nguni't ngayo'y malaki ang kanyang ipinagbago. Lagi siyang masigla, ayos, at nakangiti pa kung magpaliwanag at magtanong sa kanyang mga tinuturuan.

Bakit nga kaya biglang-bigla ang kanyang pagbabago? Ang hinala ko lamang ay iisa: marahil ay umiibig na si Bb. Tagala. Nguni't sino naman kaya siya?

Buhat nang lumipat sa aming paaralan si Rudy ay naging kapansin-pansin na para sa akin ang ikinikilos sa araw-araw ni Bb. Tagala. Siya pa ang napagtanungan ni Rudy kung saan ang tanggapan ng punong-guro ng aming mataas na paaralan.

Madaling nakapalagayang-loob ko si Rudy. Mabait siya, may-kagandahang-lalaki, marunong at masipag mag-aral kung kaya't nakagiliwan siya at laging pinupuri ng aming guro. Kung minsan ay naninibugho kaming mga kamag-aral niya dahil sa tuwina'y siya nang siya ang tinatawag ni Bb. Tagala. Kapag hindi lamang niya nalalaman ang sagot ay saka kami napag-uukulan ng pansin.

Lagi kong kasama-sama si Rudy at napabilang pa siya sa aming barkada ng mga binatilyo. Mabuti siyang makisama at matapat na makipag-kaibigan. Minsan ay ipinagtapat



niyang... "inaamo ako ni Miss Tagala na huwag daw akong makisama sa inyo. Malakas daw kayong **makahawa** at hindi raw mabuti ang makipagbarkada ako."

Biglang nabura sa aking guniguni ang mga larawan ng nakalipas na pangyayari nang tumayo si Rudy upang sumagot sa isang katanungan ng aming guro. Nguni't hindi pa siya nakapagbubuka ng bibig ay nakarinig kami ng tatlong mahihinang katok sa pintuan. Dahil sa malapit siya sa pinto ay siya na rin ang nagbukas. Isang kaakit-akit na dalagitang naka-**pony's tail** ang bumungad sa pinto. Umalingawngaw ang bulung-bulungan sa silid.

Siya ay ang maalindog na si Linda, na kamakailan lamang ay "napasagot" ni Rudy sa aking tulong bilang isang "tulay". Ako ang tagaabot ng sulat at tagabigay ng balita tungkol sa isa't isa.

"Rudy, maaari bang mahiram 'yang **pen** mo? Hindi mo ba ginagamit?"

"Basta ikaw, Ling, **all the time!**" Kinindatan ni Rudy si Linda, at nagtanong: "May **theme** ka na ba?"

"Wala pa e," sagot ni Linda nakangiti.


"Igagawa kita."

"Mamaya na, may klase kayo, e."

"Hindi bale," pagmamagaling ni Rudy, "malakas tayo kay **Miss** Tagala, e!" Dahil sa labis na pagtingin ni Rudy kay Linda ay dali-daling lumabas at nakalimutan tuloy na magpaalam kay Bb. Tagala.

Halatang-halata ko sa anyo ng mukha ni Bb. Tagala ang kanyang pangingimbulo. Tila ibig niyang tawagin sina Rudy, nguni't parang naumid ang kanyang mga labi. Matagal na napako ang kanyang tingin sa bulwagan. Nakita kong masiglang tumatakbo sina Linda at

*(Sundan sa pahina 24)*



# Espanyola



*ni R. E. BAUTISTA*

**Kasabay Ng Pagkakadama Ng Kakaibang Damdamin ni Angelito Ay Tila Sisiklab Naman Ang Himagsikan . . .**

**(Ika-3 Labas)**

LUBHANG MADILIM ang kalaganapan at nagbabantang umulan. Ngayo'y tahimik na ang Villa Montserrat pagkatapos ng maghapong kasayahang idinaos sa pagdating ni Montserrat, ang anak ni Don Alfonso Noriel. Sa paminsanminsang pagkidlat ay nababanaagan ni Angelito ang puting karatula sa itaas ng pintuangbakal. Iisang silid sa pangalawang palapag ang may liwanag.

Ang kamalayang nagsasabing gising pa si Montserrat ay nagsimulang gumiyagis sa kaisipan ni Angelito. Ano ang ginagawa ni Montserrat sa kalaliman ng gabi? Bakit hindi pa iyon natutulog gayong maghapong napagod sa pagbiblyahe at sa kasayahang idinaos sa Villa Montserrat? Pagkatapos ng kanilang paghihiwalay, magkita pa kaya sila? Kailan? Saan?

Nang magtama ang kanilang paningin nang ialay niya ang pagsasayaw nila ni Teresa ng Tinikling ay ibig niyang sabihin ang lahat-lahat ng kanyang nadarama — ang paghanga niya sa namula-mulang buhok nito, sa mga matang nag-aagaw ang kabughawan at kaluntian, sa maputi't mamomong mukhang hugis puso; nguni't biglang-bigla siyang naumid, at pati ang pag-aalay ay waring ayaw magdaan sa kanyang lalamunan. Subali't hindi niya masisisi ang sarili. Kung si Segundong anak ni Mang Kurne ay hindi magagawa iyon. O kahit si Tirso, na bihasang-bihasa sa panliligaw. At, talagang walang binatang basta na lang makapagsasalita sa isang dalaga at sabihing maganda ang buhok nito, ang mga labi, ang mga mata. Laluna't kung sasabihin iyon sa isang dalagang mayaman, at isang Espanyola. Kung masasabi nga lamang niya iyon!

Malayo na siya sa Villa Montserrat nang gulantangin siya ng isang marahas na tinig. Sa katahimikan ng gabi'y narinig ang pagkakasa ng isang riple.

—Alto! Sino 'yan?

Pumasok sa kanyang isip ang hinala: kasadores!

Kasabay niyon ay biglang naalaala niya si Mang Apyong. Iginuli si Mang Apyong Pechero sa paglalakad nang wala sa oras at ipiniit sa karsel sa hinalang INSUREKTO. Nang pauwiin si Mang Apyong ay hindi na makapagrarasyon ng gatas kailanman. Laganap ang bulihan dahil sa lihim na kilusang unti-unting namamayani sa bawa't dako.

Nagpalinga-linga siya. Papalapit ang mga yabag. Mahigpit niyang natanganan ang puluhan ng itak sa kanyang baywang. Sa loob ng bayna'y may liham para kay Koronel Balantok na ipinadadala sa kanya ng Supremo. Ang kanyang misyon ngayong gabi'y makipagkita kay Koronel Balantok sa Mandaluyong at ibigay ang liham.

Hindi niya maipapahamak ang Supremo. Pasibad siyang tumakbo. Isang putok ang kanyang narinig. Dumapa siya sa lupa at nagpagulung-gulong. Isa pang putok ang sumagitsit sa kadiliman ng gabi. Tumayo siya at paekis-ekis na nagtatakbo.

Sumasakit ang kanang bahagi ng kanyang tiyan nang sapitin niya ang ilog. Iyon ang hangganan ng Santa Lucia at Mandaluyong: mula roo'y mga dalawang kilometro pa ang kanyang lalakarin.

NAGULANTANG sa pagkakahiga si Don Alfonso Noriel nang umalingawngaw ang maliing tiling nanggaling sa silid ni Montserrat, pagkatapos ng unang putok. Patakbong tinungo niya ang silid ng anak. At kasalukuyang binubuksan ni Montserrat ang pintuan nang muling umalingawngaw ang pangalawang putok. Nakita niya ang mukha ng anak; namumutla si Montserrat, nagsisipanginig ang mga labi. Niyugyog niya iyon sa mga balikat.

—Iha... iha...

Nang matauhan si Montserrat ay umiiyak na sumubsob sa kanyang dibdib. Yumuyugyog ang maliit na katawan nitong nakakulong sa kanyang mga bisig. Hinagud-hagod niya ang buhok ng anak.

—Tahan na, Iha... tahan na.

Bahagyang lumayo si Montserrat.

—Papa, ano iyong mga putok? Mga bandido, Papa?

Tumawa siya. —Hindi, Iha. Walang bandido rito. Tahimik dito ang mga mamamayan. Sa bundok lamang may mga bandido. —At inakay niya ang anak sa kama nito. —Siya... mahiga ka na't ako na ang magpapatay ng ilaw.

Hanggang sa makalabas siya ng silid ay nagtatalo ang kanyang kalooban. Ano nga kaya ang kahulugan ng dalawang putok na kanilang narinig? Mga manloloob nga kaya? Mga tulisan? O mga... insurektos? Nahiga siya. Pilit na pumikit. Sa gising niyang diwa'y sari-saring pangitain ang mabuo-mawasak.

—Insurekto nga siguro ang pinaputukan. —Hindi niyamapaglabanan ang pagkabahalang ngumangatngat sa kanyang puso. —Pero hindi. Guniguning takot ko lang iyon. Tahimik ang bayang ito. Kilala ko ang lahat ng tao rito. Lahat sila'y nasisiyahan sa pamamahala ko.

Ang alaala ng matagumpay na paghahanda sa Villa Montserrat sa pagdating ng anak ay saglit na pumayapa sa kanyang inaalong dibdib. Doo'y nakita niya ang kasiyahan ng kanyang mga kasama sa bukid. Nakita niya ang ubus-kayang pagtulong at pagdamay, pati na si Kabesang Ambo, bagama't ang Kabesa'y hindi niya kasama. Yao'y isa pang katunayan na minamahal siya ng buong bayang Santa Lucia.

Gayunman, batid ni Don Alfonso Noriel na isang pagkakamali ang kanyang nagawa: ang pagkuha kay Montserrat sa Madrid, ngayon pa namang sumusubo sa kainitan ang lihim na kilusan ng mga hindi nasisiyahan sa pamamahala ng Espanya.

KUMATOK si Angelito sa nakapinid na pintuan. Tahimik na tahimik ang kubo ni Mang Andro. Madilim at mapanglaw ang kapaligiran, nguni, batid niyang may nangagmamatyag sa kanya sa sinapupunan ng kadilimang nakalukob sa kaburulang kinatatayuan ng kubo ni Koronel Balantok.

—Sino 'yan? —Tinig-lalaki ang sumagot sa kanyang pagkatok. —Sino 'yan?

Kabisadung-kabisado niya ang isasagot. Walang pagitan ang mga katagang namulanggos sa kanyang mga labi.

—Isang walang malay na kapatid na galing sa pagkaalipin.

Maingat na nabuksan ang pinto. —Magtuloy ka, Kapatid.

Muling naglapat ang pintuan, kasabay ng pagliliwanag ng kabahayan. Nakita niya ang ilang lalaking nakapaligid sa kanya.

—Sino ang kailangan mo't saang balangay ka nakasapi?

Tumingin siya sa lalaking lumabas buhat sa nahawing kurtina. Tulad ng mga lalaking nakapaligid sa kanya'y walang kakurap-kurap ang mga mata ng lalaki. Hininala agad niya na iyon si Koronel Balantok.

—Sa tabak at Kalayaan po, Koronel. —Kinalag niya ang tali ng bayna at iniabot sa lalaki. —Kalatas po buhat sa Supremo.

Nagkatinginan ang mga lalaki nang abutin ng Koronel ang lalagyan ng itak. Hinugot ng lalaki ang tabak at kinuha ang kalatas na nakasilid sa bayna. At sa tulong ng liwanag tinghoy ay tinunghayan ng Koronel ang kalatas na ipinadala ng Supremo.

—Tinyente Paglaya... —baling ng Koronel sa isang katabing lalaki. —Tinatawag ako ng Supremo sa isang pubalangay sa Biak-na-Bato. Alam mo na ang iyong tungkulin, Tinyente.

—Opo, Koronel.

—Mga Kapatid... —baling ng Koronel sa mga lalaking nakapaligid, —alam kong ibig ninyong malaman ang dahilan ng aking pagtungo sa Biak-na-Bato. Ang maiiwan kong pa-

*(Sundan sa pahina 20)*

# LINTIK


*ni Mar. R. Punongbayan*

WALANG kakilus-kilos ang kanyang anino sa nakabukas na durungawan. Nakaupo siya sa papag. Nakasandal sa palarindingan. Nakakatang ang kanang bisig sa palababahan. Ang kanyang kamao, na sa dalawang daliri ay nakaipit ang may sinding sigarilyo, ay tila ulo ng isang bulag na pusang nagbabantay sa karimlan.

Madalim na madilim ang gabi. Yaon ang ikatlong gabi ng pagdidilim. Tuwing tag-ulan, kapag sumasapit ang buwan ng Agosto, ay nagdidilim nang gayon. Humahangin. Bumabagyo. Bumabaha. Nagngangalit ang agos ng malaking ilog na katabi ng kanyang kubo.

May apat na oras na ang pagkakaupo niyang yaon. Kaya lamang siya kumikilos ay kung nangangawit na sa pagkakadantay ang kanyang mga paa. Sa gayon, ibabaluktot niya ang isa niyang paa, o ang isa naman ang ipaiibabaw niya sa pagkakadantay ng isa. Nguni't matahimik ang kanyong mga pagkilos. At walang ipinagbabago sa kanyang pagkakaupo. Tanging ang madalas magbago ng kalagayan ay ang baga ng sigarilyo. Lalo na kapag napapataas ang sigarilyo; kapag kanyang hinihitit. At sa ganito'y nagliliwanag ang baga at lumilitaw sa dilim ang kanyang mga labi, ang dunggot ng kanyang baba, ang tungki ng kanyang ilong, ang katambukan ng kanan niyang pisngi.

Lumitaw din sa dilim ang buo niyang kaanyuan kapag kumikidlat nang matatalim. At sa pagkidlat nang matatalim ay nandidilat ang kanyang mga mata. At mapapatitig siya sa nagngangalit na agos ng ilog.



**Umaalis-is ang malago at mataas na talahiban. Sa kabila ng talahiban ay nagdidilim ang kadawagan ng mga puno ng santol, ipil at nagtataasang damo. Sa gitna ng kadawagang yaon ay nakasalagmak ang matandang guho ng simbahan. Sa isang gilid ng buho ay nakatayo ang isang bakal na kalawanging krus. Sa paanan ng krus ay nagbabantay ang dalawang puting-puting bulaklak.**

**Nahigpit siya ang pagkakaakbay sa kanang balikat ni Rosanna.**

**"Rosanna, halimbawang ikaw ay nakababasa ng isip ng tao. Naglalakad tayo. May nasalubong tayong isang dalagang maganda ring tulad mo, mabait na tulad mo, masalaping tulad ninyo. At sa iisang saglit ay naisip ko, higit akong mapalad kung ang dalagang ito ang iibigin ko. Iya'y sa pag-iisip ko lamang at isang likha ng pangangarap. At nabasa mo ang iniisip ko sa isang saglit na yaon?"**

**"Magagalit ako! Pakasusumpain kita! Pakasusumpain kita..."**

**Nang muli niyang tunghayan ang mukha ni Rosanna ay may luha na ng kagalitan sa mga mata nito. Nayapos niya nang mahigpit at buong kasiyahan ang kasintahan.**

GUMUHIT nang mabilis sa karimlan ang baga ng sigarilyo. Umarko ang guhit ng baga. Nawala ang baga sa dilim.

Yaon ang ikalima nang sigarilyong nasisindihan niya simula nang siya'y maupo sa papag na yaon; simula nang nagngalit ang agos ng ilog; simula nang humagupit sa mga palapa ng saging ang malakas na hangin.

Kumidlat nang napakatalim. Nagliwanag ang kanyang kapaligiran. Bigla siyang napatindig. Napatanaw sa malayo —sa dako ng paltok na kinaanag-agan sa anino ng bakal na krus. Nang gumulong sa malayo ang malakas na kulog ay muli siyang naupo. Muling pinagdantay niya ang kanyang mga paa. Muli niyang hinitit nang sunud-sunod ang sigarilyo. At sa muli't muling pagkidlat ay nandidilat ang kanyang mga mata sa pagtitig sa matayog na tore sa malayo. Ang toreng yaon ay tulad sa isang palalong kapangyarihang naghahamon sa dumarating na daluyong.

Yaon ang ikalawa nang buwang pag-upu-upo niya sa papag kung gabi; simula nang mabalitaan niyang namatay si Rosanna. Hindi na nagising kinaumagahan, tulad ng kamatayan ng sarili niyang ama; may dalawang taon na. Ang kanyang ama ay binaril ng isang kung sino, isang gabing pauwi buhat sa pakikipagayos sa may-ari ng malawak na bukirin at siya ring may-ari ng bahay na may matayog na tore. Ang kanyang ama, kung bagaman ang bukid ng mitrang ari ng simbahan ang sinasaka, ay siyang napili ng mga magsasaka upang maging lider. Sa paanan ng kalawanging bakal na krus nalagutan ng hininga ang sugatan niyang ama. Sa paltok na yaon dating nakatirik ang kanilang kubo. Nguni't nang mapatay ang kanyang ama ay pinaalis siya roon ng may-ari ng bahay na may tore sapagka't ang lupa raw na yaon ay ari nila. Wala siyang nagawa. Inilipat niya ang kanyang kubo sa maluwang na pampang ng ilog. Ang pampang at ang ilog ay sa gobyerno. Nangingisda na lamang siya upang mabuhay. Nangangarit. Nanunulungan sa pag-aani sa ibang malayong nayon. Ni tuntong sa lupang sakop ng may-ari ng bahay na may tore ay di siya tumutuntong.

Makapangyarihan daw, sabi ng kanyang ama noong nabubuhay pa, ang mag-amang may-ari ng bahay na may tore. Kahit nakapapatay daw ng tao at naiimbistigahan naman ay hindi rin nabibilanggo. Nakakamit daw ang lahat ng maibigan sa lakas ng kapangyarihan. Kaya pinapag-iingat siya. Nang mapatay nga ang kanyang ama ay iniwasan niya maging ang anino ng punongkahoy na nasa lupa ng may-ari ng bahay na may matayog na tore. Kaya lamang siya nangahas na tumungo minsan sa paltok na may krus na bakal, ay nang matanawan niya ang isang ibong lumagpak sa kadawagang yaon. Malakas din noon ang hangin at ulan At dala ng hangin at ulan



# Ulilang Halaman

*nobela ni Potenciano Carreon, Jr.*

(Ika-12 Labas)

GULUNG-GULO ang isip ni Rafael. Wala siyang nagawa upang maamuki si Maria Luisa na payagan na nitong makupkop nila si Tinoy. Hindi niya maubos-maisip kung bakit si Maria Luisa pa naman na kumakatawan sa pagkakawanggawa ang hindi makaunawa na kailangan ni Tinoy ang isang tagapagkandili.

Mula nang huling pag-uusap nilang iyon, ang tungkol kay Tinoy ay hindi na nila muling napag-usapan pa. Kung dumadalaw si Rafael kay Maria Luisa o kung magkasama kaya sila sa mga kasayahan, ay iniiwasan ni Rafael na banggitin niya kay Maria Luisa ang tungkol kay Tinoy. Si Maria Luisa nama'y hindi nagtatanong tungkol sa bata.

Ang madalas na napag-uusapan nina Rafael at Maria Luisa ay ang tungkol sa ginagawang bahay. May pagmamalaking ibinabalita ni Rafael na ang lahat ng pagbabagong iminungkahi ni Maria Luisa ay nasusunod.

At pagkaraan nang may dalawang linggo ay nahusto na ang pagkakayari ng bahay. Isang Sabado ng hapon ay masayang nagtungo si Rafael kina Maria Luisa at ibinalita niya ang pagkayari ng bahay. Tuwang-tuwa naman ang dalaga.

—E, maalaala ko nga pala, —paibang sabi ni Maria Luisa sa pag-uusap nila ni Rafael.— Tungkol sa batang 'yon... pinaalis mo na ba siya?

Hindi nakasagot si Rafael.

—Hindi mo pa pinaaalis? —nangatal ang tinig ni Maria Luisa, pagka't bigla na namang inabot ng pagkayamot. —Sinabi ko na sa iyong kung hindi mo siya paaalisin ay... sa palagay ko'y talagang mahalaga sa iyo ang batang iyon kaysa akin.

—Hindi sa gayon, Maria Luisa, —ani Rafael. —Alam mo namang pinakaiibig kita at wala akong hindi gagawin sa ikaliligaya mo. Kaya lang, wika ko'y baka nabibiglaanan ka lamang... pagka't si Tinoy naman ay hindi makabibigat sa ating buhay.

—Tungkol sa bagay na iyan ay nasabi ko na sa iyo ang aking niloloob, —sabi ni Maria Luisa. —Hanggang hindi mo napaaalis ang batang iyon ay limutin mo na ring may pinag-usapan tayo tungkol sa ating kasal.

—Napakarahas naman ang pasya mong iyan, Maria Luisa, —nagugulumihanang pakli ni Rafael. —Kung paaalisin ko si Tinoy ay kawawa naman siya.

—Wala akong magagawa... talagang maraming kawawang nagkalat diyan sa lansangan. Hindi mo maaampon ang lahat, kahit pa nga sabihin mo sa aking ikaw man ay naging isang kawawang ulila. Hindi ako makapapayag na ampunin mo siya... tulungan mo na lamang siya, kung ibig mo!

—Walang halaga ang anomang pagtulong kung di kalakip ang puso, Maria Luisa! —Hindi napaglabanan ni Rafael na ipahayag niya ang kanyang nadarama, na ang pagkakawanggawa ni Maria Luisa, ang pagiging **social worker** nito ay ginagawang hindi kalakip ang damdamin, kundi ginagawa lamang na isang paglilibang pagka't wala nang iba pang magawa. —Si Tinoy ay napamahal na sa akin... pagka't ako man ay mahal din niya. Malulungkot siya kung paalisin ko, at ang gayon ay magiging malungkot din para sa akin.

—Kung gayo'y kayo nang dalawa ang magsama sa bahay na iyon! —At biglang tinalikuran ni Maria Luisa si Rafael.

Tuluy-tuloy na pumanhik ng bahay si Maria Luisa. Naiwan si Rafael sa hardin. Hindi niya malaman kung ano ang kanyang iisipin nang mga sandaling iyon.

Paalis na sana si Rafael nang manaog mula sa bahay si Dora na kasama sina Susana at Diana. Si Dora ay nakabihis ng bestidong panlakad at mukhang paalis. Lumapit si Rafael sa tatlo.

—Ano ba ang nangyari, Rafael? —nakatawang wika ni Susana. —Mukhang pinagalit mo yata si Maria Luisa? Nakasalubong nami'y parang hindi kami nakikita, at sa palagay ko ba'y igigiba ang bahay sa papadyak na paglakad. —At nagtawa si Susana.

—Alam mo naman 'yang kapatid mo, —sabi ni Rafael at nagtawa rin upang ikubli ang pagkaligalig. —Huwag na di mo masalansang ang gusto ay nagagalit na. May pinag-uusapan lamang kami na hindi napagkasunduan...

—Talagang sumpungin iyan, —ani Susana. —Ikaw na ang bahalang magpasensiya sa kanya.

Ngumiti si Rafael at tinapunan ng tingin si Dora.

—Aalis yata si Dora? —ani Rafael.

—Uuwi ako pagka't Sabado ngayon, —sagot ni Dora. —Tuwing Sabado ng hapon ay umuuwi ako at Lunes na ng umaga ang aking balik.

—Sumakay ka na sa aking auto, Dora, at ihahatid na kita, —anyaya ni Rafael. —Aalis na rin lamang ako.

—Siyanga, Dora, sumabay ka na kay Rafael. —ayon naman ni Susana.

Yumuko si Dora kay Diana na nakatayo sa kanyang tabi. —Aalis na ako, Diana... sasabay na ako kay Rafael.

Hinagkan ni Dora si Diana sa pisngi, at si Diana ay humalik din sa pisngi ni Dora.

—Babalik ka sa Lunes, Tita Dora, —wika ng bata.

Magiliw na tumango si Dora kay Diana.

Nakasakay na si Dora sa auto ni Rafael ay nakatayo pa sina Susana at Diana at kumakaway kay Dora. Naramdaman ni Rafael ang malaking pagkagiliw kay Dora ng mag-ina.

Nang lumakad na ang auto ni Rafael ay saka lamang pumanhik ng bahay ang mag-ina. Dinatnan ni Susana si Maria Luisa na nakatayo sa tabi ng bintana ng salas. Lalagpasan na sana ni Susana ang dalaga at tutuloy na siya sa silid ni Diana nang magsalita si Maria Luisa.

—Susana, iyan bang si Rafael at si Dora ay dati nang magkakilala? —tanong ni Maria Luisa. —Noon bang wala ako na makuha mong tagapag-alaga ni Diana si Dora ay madalas pumarito si Rafael?... Madalas ba silang magkausap?

—Si Rafael ang nakakikilala kay Dora, —wala sa loob na tugon ni Susana. —Hindi ko nga pala nasasabi sa iyo, iyan. Dati na silang magkakilala.

—Kaya pala gayon, —ani Maria Luisa na makahulugan ang himig ng tinig. —Kaya pala napapansin kong magiliw sila sa isa't isa. Kung hindi man sila nag-uusap kung naririto si Rafael ay nahuhuli kong parang may kahulugan ang pag-uukol nila ng tingin sa isa't isa.

—Ang taong ito... kung ano pa yata ang iniisip sa dalawa!

—Wala akong iniisip... nagtatanong lamang ako.

Nilisan ni Maria Luisa ang tabi ng bintana at pumasok na sa kanyang silid.

WALANG kibo si Rafael habang nagpapalakad siya ng auto. Walang kibo rin si Dora. Sa katahimikang nakapagitan sa kanila ay parang malayung-malayo sila sa isa't isa gayong magkatabi lamang sila.

Nakagugulo sa isip ni Rafael ang di nila pagkakaunawaan ni Maria Luisa. Iniibig niya si Maria Luisa at natatalos niyang hindi niya maipahihintulot na may makapamagitan sa kanilang ano mang bagay. Dapat niyang

# ANO ITO?

1. Kung saan masikip, doon nagpipilit
2. Naligo ang kapitan, hindi nabasa ang tiyan
3. Tinaga ko sa gubat, sa bahay umiyak
4. Naghanda ang alila ko, nauna pang dumulog ang tukso
5. Sa pitong magkakatoto, lima lang ang naging santo
6. Maputing parang bulak, kalihim ko sa pagliyag
7. Kabyak na suman, magdamag kong binabantayan
8. Ang dulo'y namumulos, ang huli'y nagagapos
9. Isang tingting na matigas, nang ikiskis ay namulaklak
10. Tubig na sakdal linaw, nadadala sa kamay
11. Tintang puti, papel na berde, sumulat ay babae
12. Aling bulaklak ang kahit na uminit ay basa ang gitna?
13. Alin dito sa mundo, ang inilalakad ay ulo?
14. Alin bagang hayop, ang malaki pa ang mata sa tuhod?
15. Ako'y may kaibigan, kasama ko saan man, mapatubig ay di nalulunod, mapaapoy ay di nasusunog

(Sundan ang mga sagot sa pahina 30)

## ESPANYOL ...

(Buhat sa pahina 15)

ngungusap sa inyo'y ito: Magkaroon kayo ng pananalig, una sa Bathala, at pangalawa'y sa mga namumuno sa inyo. Inaasahan kong ang aking pagalis ay nangangahulugan ng ating paglaya sa mapanikil na pananakop ng bansang kaaway.

—Ngayon na ba kayo aalis, Koronel?

—Oo, Tinyente.

Binalingan siya ng Koronel.

—Sasama ka na ba?

—Opo, Koronel.

Magkasunod silang nanaog ng pinuno at sinagasa ang kadiliman. Wala silang kibuan habang matuling bumabagtas sa makikipot na sabana.

Habang naglalakad ay sakbibi ng sari-saring alalahanin si Angelito. Ano ang kahulugan ng pagpapatawag ng kanilang Supremo kay Koronel Balantok? Ano ang pagpapasyahan sa Biak-na-Bato? Pagbabangon? At, halimbawang ibunsod ang himagsikan, papaano si Montserrat? Siya? Ang kanyang Tatang? At, kung mapatay siya sa labanan?

KAHIT ANO ang gawin ni Kabesang Ambo ay hindi siya makatulog. Mahiga-magbangon siya, manaog-pumanhik. Makailang marinig niya buhat sa malayo ang matinis na tilaok ng labuyo, at batid niyang mag-uumaga na. Wala pa si Angelito.

—Nakaalpas ang... —sinansala niya ang sarili na manungayaw; isang utos ng simbahang huwag kang manunungayaw. —Pagdating na pagdating niya'y...!

At, bagama't batid niyang wala ang anak sa higaan ay tinungo niya ito. Nakakabit ang kulambo sa higaan; naroon ang kumot, ang unan. Kung bakit lang hindi siya nagbangon nang marinig ang kaluskos nito. Natutop sana niya ang lin... Muli niyang pinigil ang sarili. Masamang manungayaw — isa iyon sa sampung utos.

Saan nagpupunta ang kanyang anak? Ano ang ginagawa sa gayong oras ng gabi?

Nagunita niya ang kanyang kabataan. Ilang ulit siyang natutop noon ng kanyang Tatang. Kung baga sa bulaklak ay kabubuka pa lamang noon ng ina ni Angelito. At, siya'y kahuhunab lamang sa kamusmusan — bagong singki, 'ika nga ng kumpareng Bosyo ng kanyang Tatang.

Buhat sa malayo'y muli niyang narinig ang matinis na tilaok ng labuyo. Ilang oras na siyang naghihintay? Dumating pa kaya ang kanyang hinihintay? Nawa. Nawa. Nakadama siya ng hapding umiwa sa kanyang damdamin. Tumatagos sa kaibuturan ng kanyang puso ang dalanging inusal ng kanyang mga labi: Nawa. Nawa. At batid niyang may puwang din sa kanyang puso ang pagmamahal sa anak. Subali't kailangan niyang turuan si Angelito. Kailangan!

Tinungo niya ang kinasasabitan ng lanubo. Isinapalad niya ang pamalo. Matagal nang hindi niya iyon nagagamit. Pinatay niya ang ilaw ng kingki, at nagbalik siya sa higaan.

Matagal bago niya naramdaman ang yabag ng mga paang pumapanhik sa hagdanan. Mahigpit niyang sinapo ang puluhan ng lanubo. Nagbangon siya nang maulinigan niyang maingat na umawang ang pintuan. Papasok na ang isang anino nang kumawala ang tinig sa kanyang lalamunan.

—Angelito!

Ipinatda sa pagkakatayo ang anino. Sinindihan niya ang kingki at nakita niya ang pagkagitlang nakalimbag sa mukha ng kanyang anak.

—Saan ka galing?

—Sa kabayanan po, Tatang.

—Nang ganitong oras? Nang ganitong oras? —Sunud-sunod ang paggitaw ng salita sa kanyang mga labi. —Bakit? Bakit? Ano ang ginawa mo sa kabayanan? Ano? Sumagot ka!

Nang hindi sumagot si Angelito'y para siyang pinagsiklaban ng galit. Itinaas niya ang lanubo, at narinig niya ang paglagapak niyon nang humangga sa bisig ni Angelito. Hindi siya nasiyahan, tulad kaipala nang di pagkasiya ng kanyang Tatang sa paghagupit sa kanya nang miminsan; at, di-mabilang na hagupit ang kanyang pinadapo sa katawan ng anak. Humihingal siya nang tumigil.

—Ngayo'y magtatapat ka na... magtatanda kang magtapat! —Huminga siya nang malalim na waring hinahabol ang panghinga. —Saan ka galing?

—Sa... sa kabayanan po, Tatang...

Sa kabila ng pagkautal ni Angelito'y nasinag niya ang katatagan sa pangungusap, isang katatagang nagmulat sa kanya ng isang nakasisindak na bagay: binata na ang kanyang anak. Na, ngayon, kahi't ang pamalo'y hindi na makapagpapabago sa simulaing nakikilala nito.

—At, ano ang ginawa mo sa kabayanan?

—Wala po, Tatang... nagpunta po lamang sa isang kaibigan.

Nang tunguhin ni Angelito ang sariling higaan ay hindi siya nakaimik. At nang makita niyang ito'y lumuhod sa ulunan at mag-antanda'y sinagilahan siya ng pagkahabag sa anak.

—Patawarin Mo po ako, Diyos ko, sa aking nagawa, — aniya sa sarili, at isinabit sa lalagyan ang pamalo. —Hindi ko na ito magagamit kailanman.

Pinatay niya ang ilaw at nahiga. Sa balintataw ng kanyang mga mata'y muli niyang nakita ang ginawa niyang paghagupit kay Angelito. Muli niyang nadama ang katatagan ng kanyang anak. At bagaman ibig niyang paniwalaan ang sinabi nitong pagtungo sa isang kaibigan sa kabayanan ay may hinalang nagbabangon sa kanyang isip, isang nakapanghihilakbot na hinala.

—Hindi na siya bata, —muling bulong niya sa sarili. — May isip na siya upang mahulo ang mga bagay-bagay.

Nang ipikit niya ang kanyang mga mata'y isang tinig ang parang ipinaghiyawan sa kanyang taynga. Biglang-bigla siyang dumilat, nguni't nanatiling nakakatnig sa kanyang pandinig ang tinig: INSUREKTOS.

Nanatiling gising ang diwa ni Kabesang Ambo sa buong magdamag.

(ITUTULOY)

## SUBUKIN ang Inyong KAALAMAN

1. Si Senador Quintin Paredes ay taga...
   *a. Ilokos Sur b. Ilokos Norte k. Abra*
2. Ang Kamiling ay nasa lalawigan ng...
   *a. Pampanga b. Tarlak k. Bulakan*
3. Si Ferdinand Marcos ay Kinatawan ng...
   *a. Ilokos Sur b. Ilokos Norte k. Pangasinan*
4. Ang pagbabangon sa Tayug ay naganap sa...
   *a. Nueva Ecija b. Pangasinan k. Sambales*
5. Ang sasakyan ng Pangulo, ang Mt. *Pinatubo*, ay hango sa pangalan ng bundok sa...
   *a. Bataan b. Sambales k. Pampanga*
6. Ang Carigara ay nasa...
   *a. Samar b. Leyte k. Katanduanes*
7. Tubo sa Bulakan si...
   *a. Senador Francisco Delgado b. Amparo Villamor ng SWA k. Kinatawan Augusto Francisco*
8. Ang bayang ito ay bantog dahil sa kanyang mga pagawaan ng sapatos...
   *a. Makati b. Novaliches k. Marikina.*
9. Si Senador Gil Puyat ay buhat sa...
   *a. Nueba Esiha b. Tarlak k. Pampanga*
10. Ang yumaong Pangulong Quirino ay isinilang sa.
    *a. Sta. Maria, Ilokos Sur b. Bigan k. Urdaneta, Pangasinan*

**Mga sagot:** 1. k 2. b 3. b 4. b 5. b 6. b 7. a 8. k 9. k 10. b

## Mga Sulat Sa Editor

Ako po ay lubos na nagpapasalamat sa ginawa ninyong paglalathala sa aking sanaysay noong ika-23 ng Hunyo. Iyon po ay nagdulot sa akin ng lubos kasiyahan at higit sa lahat ay ng lakas ng loob na gumawang muli ng iba pang matatawag na "bunga ng aking panitik". —*Rogelio Sanchez, Del Pilar, Lunsod ng Kabanatuan.*


**Isang pasasalamat din ang naisusukli namin sa pagpapasalamat mo, Rogelio. Nasisiyahan din kami pagka't nabigyan ka pala namin ng lakas ng loob... Magpatuloy ka! —ED**

Malaki ang iginanda ng "ating" Magasin ng BB. Maiinam ang nilalaman at ang bawa't pitak, laluna ang mga nobela. Magaganda rin ang mga larawan at dibuho na kung hindi kami nagkakamali ay guhit ni G. Pete Venezuela. Sino po ba si G. Venezuela? Siya rin po ba ang Pedro Venezuela na nag-aral sa Jose Abad Santos High School? —*Melita Cruz, Ilaya, Tundo, Maynila.*

**Siya na nga ho, kung mayroon kayong ipag-uutos. —ED**

Lakip po ng sulat na ito ang aking malabis na pasasalamat sa pagkakalathala ng aking akdang "Timbulan" na lumabas sa inyong magasin noong Hunyo 30. Iyon po ang aking unang pagsulat ng kuwento, at ako'y binigyan ninyo ng pag-asa sa sining

(Sundan sa pahina 31)


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
HINDI KAMI MAKAUWI SA DAIGDIG? BAKIT, KAMAHALAN?
ANG INYONG PLANETANG DAIGDIG? BAKIT, KAMAHALAN? ANG INYONG PLANETANG DAIGDIG AY KULANG PA SA KAUNLARAN UPANG MAKABATID NG BAGAY NA NAUUKOL SA KALAWAKAN.
1
PAG IBINALITA NINYO SA DAIGDIG ANG AKING NASASAKOP NA ISANG MILYONG PLANETA, MANINIWALA BA SILA?
2
"KAPAG NAKALIKHA NA ANG INYONG PLANETA NG SARILING SASAKYANG PANGKALAWAKAN, SAKA LAMANG SIYA MANINIWALA-- SA NGAYO'Y HINDI PA."
3
KAYA NARDA--KAHI'T NA ANONG IBA ANG HILINGIN MO.
HINDI, IBIG KONG UMUWI.
HINTAY. BILANG BB. KALAWAKAN, ANG KANYANG GANTIMPALA AY "LAHAT NANG IBIGIN."
4
TAMA--AT NASABI KO NA ANG AKING IBIG--ANG PAGUWI.
UPANG MAKASUNOD SA ALITUNTUNIN NG TIMPALAK, KAMAHALAN, KAYO'Y DAPAT SUMANG-AYON.
HMM--
5
KUNG GAYON, KAPWA KAYO BABALIK SA DAIGDIG, NGUNI'T HINDI NINYO MADADALA ANG INYONG KAALAMAN UKOL SA KALAWAKAN. IYA'Y BUBURAHIN NAMIN SA INYONG ISIPAN!
5-12
6
SUSUNOD: MALAKING KASALAN



Johnny Tremain
ni WALT DISNEY
SA PUNONG-TANGGAPAN NI HENERAL GAGE SA BOSTON, KINABUKASAN NG ARAW NA SUMUGOD SA PORTSMOUTH ANG ISANG REBELDE DAHIL SA BALITA NI JOHNNY. . IH...
KATAKA-TAKA! DI-KAPANI-PANIWALA!
ANG KAHANGALAN NG MGA BALIW NA YANGKI--TINANGAY ANG MGA SANDATANG NASA KUTA NG HARI!
HIGIT PA SA KAHANGALAN! IYA'Y MALAKING KAWALAN SA MILITAR NG KORONA!
WALA TAYONG MATATAMO SA PAGHIHINTAY--LULUSOB TAYO SA LINGGONG ITO!
IKAW ANG MAMUMUNO, KORONEL SMITH--NGUNI'T KAILANGAN IPAGLIHIM MUNA ANG ORAS, ANG DAANAN AT ANG LULUSUBIN HANGGANG SA MGA HULING SANDALI!
SAMANTALA, SA ISANG LIHIM NA TAGPUAN, ANG MGA PINUNO NG MGA ANAK NG KALAYAAN AY NAGDAOS NG PANGWAKAS NA PULONG.
G. OTIS! INILAAN NAMIN ANG DAKILANG UPUAN PARA SA INYO.
BINIGKAS NI JAMES OTIS, DAKILANG BAYANI, ANG SIMULAIN...
DAPAT TAYONG LUMABAN, AT TAYO'Y MAKIKILABAN! NGUNI'T PARA SA ANO? UPANG MAIWASAN ANG MGA SUNDALONG INGLES? HINDI! UPANG WAKASAN ANG MAPANIIL NA PAGPAPABUWIS? HINDI!
MAKIKIPAGLABAN TAYO PARA SA BAGAY NA HIGIT NA MAHALAGA KAYSA SA LAMAN NG ATING MGA KALUPI!
Distributed by King Features Syndicate
PARA SA KARAPATAN NG MGA INGLES?
PARA SA KARAPATAN NG LAHAT NG TAO--PATI NG BABAE AT NG BATA SA BUONG DAIGDIG! ITO ANG IPAGLALABAN NATIN!
5-12
MAKIKIDIGMA TAYO UPANG MAPALIS ANG MGA MAPANIIL--UPANG HINDI MAAGAW NG IILAN ANG LAKAS NG IILAN ANG LAKAS NG LIBU-LIBO--UPANG MAKAPAMILI ANG ISANG TAO NG IBIG NIYANG MAMUNO SA KANYA!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
IBIGAY NATIN ANG LAHAT--TAYO'Y LALABAN, TAYO'Y MAMAMATAY--PARA SA IISANG BAGAY: UPANG ANG ISANG TAO AY MAKATINDIG!
ITUTULOY...

### Malayo Kay Rizal

—Sino sa inyo ang may nakikilalang tao na gaya ni Rizal na nagkaroon ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang gamugamong sumugba sa ningas ng isang ilawan? —tanong ni Miss Barurot sa kanyang klase.

—Ang Lolo ko, ma'm, —ani Pedro matapos makapagtaas ng kamay at tawagin ni Miss Barurot. —Pero nabilibid hu ang Lolo ko dahil sa gamugamong 'yon.

—Bakit? —tanong ni Miss Barurot.

—E, sinalpok nga raw hu ng gamugamon'g ilaw. Namatay ang gamugamo. Naawa'ng Lolo ko sa gamugamo at pinatay n'yang ilaw.

—E, ba't naman s'ya nabilibid?

—Pa'no ho, nasa harap s'ya no'n ng nililigawan n'ya.


SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA — MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"



Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababa ng lagnat!

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Aviador na binabagabag ng Influenza, bronkitis at sipon, ay nagpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong Cafiaspirina ay pinabababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang Cafiaspirina ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng manggagamot, nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na "pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.




Upang masugpu ang lagnat o sipon at muling sumigla...

Laging humanap ng

BAGONG PORMULA — MAY TATLUHANG BISA


CAFIASPIRINA

3-KAGINHAWAAN NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

29-3


*Kapaki-pakinabang para sa inyo ...*

# PAGKUKUMPUNI NG SAHIG




Ang mga sementadong sahig na may uka ay hindi mahirap takpan ng patag na panagpi.

Ang mga uka ay dapat lakihan at laliman. Hugasan ang lahat ng dumi at alikabok, at takpan ang uka ng bagong halong semento.

Kung ang buong ibabaw ng sahig na semento ay may sira, palalimin nang pantay ang mga uka na ang ginagamit ay martilyo at pait. Ito ang pagkakapitan ng bagong semento.

Linisin ang buong ibabaw, basain at patungan ng sementong umaabot sa kapal na ½ pulgada o mahigit. Ang pinaghalong semento ay nasa proporsiyong isang bahagi ng semento sa 2 bahagi ng buhangin.

Maaaring gamitin ang graba sa halip na buhangin kung nais ang matigas na sahig.

Para sa mga sahig na tabla, putulin ang buong haba ng tabla at palitan ng bagong piraso na ang mga dulo ay nasa tapat ng isang matibay na patungan sa ilalim ng sahig o sulera.

Katamin ang bagong tabla upang pumantay sa kalapit na dating tabla pagkatapos na maikabit.

Sa pagputol sa mga tablang may ukit, lagariin ang mga gilid nito na ang lagari ay pinararaan sa ukit. Kailangang maging matalas ang talim ng lagari.

Bunutin ang mga pako sa isang dulo ng tabla, ikalang sa isang patungan (tulad ng nakalarawan) at lagariin ang isang dulong nakatapat sa sulera. Pagkakabit ng bagong tabla ay katamin ito.

# ANG LAPAG NG BANYO



Ano mang panakip na gagamitin sa sahig o lapag ng banyo ay kailangang di-tinatagos ng tubig at madaling linisin.

Ang linolyo ay karaniwang ginagamit at napatunayang mahusay na panakip. Ito ay mainam sapagka't mura at madaling ilatag. Ang komposisyong ito ay maaaring ipatong sa tablang sahig, bago man o luma. Nguni't ang kailangang magsagawa ng pagpapatong ng komposisyon ay mga bihasa sa gawaing ito.

Ngayon ay ginagamit na ang goma na panakip sa lapag at napapatunayang napakahusay. Nagsasanggalang sa pagkabulok ng tablang bahagi ng banyo, ang gomang panakip ay mabibili sa sukat na 3 talampakang haba, 4 na talampakang lapad, ⅛ pulgadang kapal. Maaari rin ang makikitid na sukat para sa mga gilid ng lapag.

May mga sementong mainam gamitin upang dumikit ang gomang panakip. Lalong mabuti na idikit ang buong panakip kaysa ang mga gilid lamang.

Sa paglilinis ng goma, gumamit ng pulbos na panlinis, sabon at tubig. Pagkatapos ay patuyuin.

Huwag gagamit ng petrolyo o amonya pagka't ang mga ito'y magpapalambot sa goma. Iwasan din ang mga patak ng gatas o mantika.

## PAG-IBIG NG...

BUHAT SA PAHINA 14

Rudy na magkahawak pa ang mga kamay. Nang balingan ko si Bb. Tagala ay nagkatama ang aming mga paningin. Tumalikod siya at di nakaila sa akin ang pagpapahid niya ng panyo sa mga mata.

Pagkaraan ng ilang sandali ay muling humarap at tumingin sa bulwagan. Malayo na sina Linda at Rudy. Sa namumulang mga mata ni Bb. Tagala ay parang nabasa ko ang mga katagang: "Kung nalalaman lamang niya...!"

—ROGELIO VELAS
16 na taong gulang
Unibersidad ng Santo Tomas, Maynila



"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-20 LABAS
ISANG "FOUNTAIN PEN" ANG NATAGPUAN NI RENE...
ang nakaraan:
SA PAKANA NI JOHNNY AY SI LEANDRO ANG NAPAGBINTANGANG NAGTANGKANG HUMALAY KAY TERESA. DINALA ANG BINATA SA HIMPILAN NG PULISYA. KINABUKASAN, IBINALITA NI LULU KINA DON FILEMON ANG NANGYARI. LUMAKAD ANG MAGTIYO UPANG IPAGPIYANSA SI LEANDRO. SAMANTALA, HINAHANAP NINA TERESA AT RENE ANG BAHAGI NG AKORDIYON NA NATANGGAL NANG NAGDAANG GABI. MAY NATAGPUAN SI RENE NA ISANG KUNG ANONG BAGAY...
ANG GANDA!... MAHAL SIGURO 'TO!
KANINO KAYA...
Katha ni
EDDIE RAÑOLA
NGUNIT NANLAKI ANG MATA NI TERESA NANG...
MAY NAKATITIK NA PANGALAN!... JOHNNY LENDON!
PA'NO NAPUNTA 'YAN DITO?
SANDALING NAG-ISIP ANG MAGKAPATID, PAGKARAA'Y...
ALAM KO NA!... HINDI AKO MAAARING MAGKAMALI!... SIYA ANG...
TENA!... SAMAHAN MO AKO!
BAKIT?... SA'IN TAYO PUPUNTA?
SA ISTASYON NG PULISYA!
JOSE ISLA
SA HIMPILAN NG PULISYA...
PAPA!... MABUTI'T DUMATING KAYO!... NAPAGBINTANGAN AKO SA ISANG PAGKAKASALANG HINDI KO GINAGAWA!
IYAN ANG NAPAPALA MO SA KATIGASAN NG IYONG ULO!
NABIGLA KAMI NANG MABALITAAN NAMIN ANG NANGYARI SA IYO, LEANDRO!... AT NAPARITO KAMI PARA IPAGPIYANSA KA!
KUNG MAAARI'Y NGA LAMANG NA TIISIN KA NAMIN UPANG MAGTANDA KA!... PERO HINDI MAAARI!... ITO'Y MAKASISIRA NANG MALAKI SA AKING KANDIDATURA... LALO'T NALALAPIT NA ANG HALALAN!
MATAPOS IPALIWANAG NI LEANDRO ANG KABUUAN NG MGA PANGYAYARI...
AT ANG BABAING IYON NA NAMAN ANG NAGING DAHILAN!
HINDI KO NAMAN MALAMAN KUNG BAKIT NAGPAPAKASIRA ANG TAONG ITO SA PULUBING IYON NA TALAGA NAMAN YATANG NAMIMINGWIT NG MATABANG ISDA!
UTANG NA LOOB... HUWAG NA IYAN ANG PAG-USAPAN NATIN! KUNG MAGAGAWAN NINYO NG PARAANG MAKALAYA NA AKO RITO AY...
ANO PA NGA BA ANG GAGAWIN NAMIN...
INAAYOS NA NI DON FILEMON ANG PIYANSA NG ANAK, NANG SA-DARATING SINA TERESA...
NAPARITO HO AKO UPANG PATUNAYANG WALANG KASALANAN SI G. LEANDRO MIJAREZ NA DINAKIP KAGABI NG ISA SA INYONG MGA TAUHAN!
HINDI HU PALA SIYA ANG GUMAWA SA 'MIN NANG MASAMA!
IPINAKITA NI TERESA ANG NAPULOT NILANG "FOUNTAIN PEN" NI JOHNNY. MATAPOS SURIIN NG SARHENTO AY...
HINDI ITO SAPAT NA KATIBAYAN UPANG PAWALANG-SALA AGAD NAMIN ANG NAPIPIIT, BINIBINI...
NATITIYAK KO HONG ANG TAONG IYON, SI JOHNNY LENDON, ANG NAGTANGKANG HUMALAY SA AKIN AT NANAKIT DITO SA KAPATID KO! BAKIT MAPUPUNTA ROON ANG KANYANG "FOUNTAIN PEN"?
AT UPANG MANIWALA KAYONG WALANG KASALANAN SI GINOONG MIJAREZ AY IPADAKIP NINYO SI JOHNNY LENDON! ITUTURO KO ANG KANILANG BAHAY! MAY IPAKIKITA PA AKONG ISANG EBIDENSIYA NA HINDI KO AGAD NAISIP KAGABI! ISANG EBIDENSIYANG MAGPAPATUNAY NA SIYA NGA ANG TAONG DAPAT NINYONG IKULONG AT PARUSAHAN!
ANONG KATIBAYAN PA ANG IHAHARAP NI TERESA UPANG LUBUSANG MAPAWALANG-SALA SI LEANDRO? BAKIT NAGKAROON NG MALASAKIT ANG DALAGA NA ILIGTAS ANG BINATA? ABANGAN ANG MAGANDANG KARUGTONG!
-ITUTULOY-

# Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG



EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1-Fl.oz.-Contains: Chlorobutanol 1gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.   12-1



Pangalagaan ang mga Punongkahoy!




*Ang pagkakaroon ng isang Nori Dalisay sa pelikulang Tagalog ay bunga ng mga pangyayaring di inaasahan.*

# Malayo Ang

**SI NORI AY MASASABING ISA SA**



*Samantalang tumutugtog ng ukelele si Lilia, kapatid ni Nori, tila nagpapa-"charming" naman si Flor, ang mananayaw ng "Ballet" at lumalabas na rin sa pelikula. Ang nakasalamin ay si Nori.*

SI NORI DALISAY ay itinuturing na isa sa mga bituin natin sa puting-tabing na "may magandang ipinangangako". Katunayan ay di na mabilang na pelikula ang kanyang nilabasan, at patuloy pa ring gumagawa ng mga pelikula sa ilalim ng Sampaguita Pictures.

Subali't bihira kaipala ang nakababatid na si Nori ay hindi man lamang nangarap na maging artista. Ang pagiging bituin niya ay bunga ng mga pangyayaring hindi niya inaasahan.

Si Nori ay nagtapos ng "hair science" sa Realistic Fashion School. Sila ang may-ari ng "Mayflower Beautiy Salon" sa daang Juan Luna, Tundo, Maynila.

Ang tunay na pangalan ni Nori ay Honorata Dalisay; isinilang noong ika-11 ng Enero, 1938 sa Gagalangin, Tundo, Maynila; anak nina G. Severino Dalisay at Gng. Trinidad Sator Dalisay. Si Nori ay pangatlo sa anim na magkakapatid: sina Annie, 24; Finnie, 23; Nori, 19; Flor, 18; Lilia, 14; at Junior, 10.

Hindi pinangarap ni Nori na siya'y maging isang artista, kahit na sa panaginip o sa guniguni kaya. Ang talagang pangarap ni Nori sapul pa nang siya'y nag-aaral sa Lakandula Elementary School hanggang sa sumapit siya sa Mataas na Paaralang Torres ay maging isang sekretarya. Subali't di niya naipagpatuloy iyon dahil sa nag-iisang naghahanap-buhay sa kanila ang kanyang Ina. Kaya, sa halip, namasukan na lamang siyang isang "mimeographer" sa isang tanggapan sa hangad na matulungan niya ang kanyang Ina na siyang nagsasabalikat ng kabuhayang naiwan ng kanilang ama.

Hindi niya akalain na ang kalungkutang idinulot ng mapait na kabiguang iyon sa kanyang unang pangarap ay isa lamang palang tanda ng pagtatagumpay na tatamuhin niya sa mga darating na araw.

Dahil sa angking mga katangian ni Nori ay makaitlong ulit siyang napiling "Miss Section" ng kanilang klase. Malimit din siyang mahirang na "Reyna Elena" sa mga santakrusan. Hanggang sa dumating ang pagkakataong hindi niya inaasahan.

Isang araw, binuksan ng kanyang tiya, si Dra. Selgado Oria na naging kamag-aral ni Gng. Nene Vera Perez, ang magandang pagkakataong naghihintay sa kanya.

—Nori, bakit hindi ka mag-artista? —wika ng kanyang tiya. —Bagay na bagay sa iyo! Bakit hindi mo subukin ang iyong kakayahan sa larangan ng pelikula?

Biglang inagaw ng malakas na halakhak ni Nori ang pagsasalita ng kanyang tiya, at pagkatapos ay ibinaling ang kanyang mukha sa salamin. —Susmaryosep! Ito bang klase ng mukhang ito ang mag-aartista? Aba! baka malugi ang sine, e, sisihin pa ako ng takilyera!

—Hindi ako nagbibiro, Nori, —giit ng tiya niya, —kung gusto mo'y sasamahan kita sa estudyo ng Sampaguita. Ilalapit kita kay Dr. Perez. Gusto mo ba?

Ang sinabing iyon ng kanyang tiya ay hindi niya naipag-walang-bahala. Aywan niya kung bakit. Nguni't hindi niya sinabi sa kanyang tiya ang bagay na kanyang nadarama noon.

Isang umaga, sinamahan ni Nori ang kanyang nakababatang kapatid na si Flor sa Premiere Productions sa pagbabakasakaling makalabas ito sa pelikula. Si Flor ay mahusay magsayaw ng "ballet" at may tipo ring katulad ni Nori. Nag-aral si Flor sa **Classical Dancing School** sa pagtuturo ni **Miss Anita M. Kane**. Nais niyang ipakipagsapalaran ang "nalalaman" ng kanyang kapatid. Nguni't nang sila ay dumating sa estudyo ng Premiere ay kung bakit siya ang napa-extra nang di niya sukat-akalain sa pelikulang "Pedro Penduko" na noon ay kinukunan ng siyuting at pinangunahan nina Efren Reyes at Edna Luna.

Buhat nang makita ni Nori ang kanyang anino sa puting-tabing ay sumibol na sa kanyang puso ang masidhing pagnanasa na siya'y maging isang artista. May mga gabing nilalamay ni Nori ang magagandang pangarap. Hindi siya makatulog. Labis-labis ang kasiyahang nadarama niya isipin lamang na gumagalaw ang kanyang larawan sa harap ng maraming nanonood. sa loob ng madilim na dulaan. Kaya naidadalangin niyang matanggap na sana siyang pirmihan kahit na paekstra-ekstra lamang. Subali't naisip naman niyang baka minsan lamang ang pagkakataong iyon at di na maulit pa.

Kaya isang gabi, bumuo siya ng isang matatag na pasya.

—Lalapit ako sa aking tiya at ipagtatapat ko na sa kanya ang buong katotohanang nadarama ko, —aniya sa sarili. —Ito lamang ang tanging paraang nalalaman ko upang

# Mararating

## MGA "NILAPITAN NG KAPALARAN"

**ni Oscar R. Flores**

maging ganap na katuparan ang aking mga pangarap. Bukas na bukas din!

Kinabukasan sinadya ni Nori ang kanyang tiya sa tahanan nito. Nguni't hindi niya masabi agad ang kanyang pakay. Hindi niya malaman kung paano niya pasisimulan ang kanyang sasabihin. Naroong isipin niyang ipagpaliban na, naroon namang sabihin sa sarili na baka pagsisihan lamang niya yaon pagkatapos ng pagkakataong iyon. Kaya, nagpakatatag siya. Naglakas-loob na siyang nagtapat sa kanyang tiya...

Ang ginawang pagtatapat na iyon ni Nori sa kanyang tiya ang nagbukas ng daan upang siya'y makarating sa estudyo ng Sampaguita Pictures.

Isang araw ay pumasok sila sa isang malaking tahanang bato. Sa kabutihang-palad, natagpuan naman nila ang mag-asawang Perez. Sa unang malas pa lamang ni Dr. Perez kay Nori ay tila nagandahan na sa magandang hubog ng mukha nito. Nagpatuloy ang Doktor sa pagmamasid. Sinusuri niyang mabuti ang bawa't kilos ni Nori.: ang galaw ng katawan; ang pag-upo at pagtayutayo; ang bawa't hakbang sa paglakad-lakad sa maluwang na bulwagan; at, higit sa lahat ang kanyang tindig. At sa wakas, si Dr. Perez ay nakatuklas na naman ng bagong personalidad na lapat sa paningin ng kamera.

Para matiyak ni Dr. Perez na siya'y hindi nag-aalinlangan, binigyan niya si Nori ng "screen test" sa pamamagitan ni Direktor Mar S. Torres. Naging mabuti naman ang resulta. Nguni't hindi pa rin nagkasiya noon ang Direktor. Aniya kay Nori:

—Upang matiyak natin na maaari ka na ngang maging artista, ang mabuti yata ay sumali ka sa timpalak na binuksan namin upang pumili ng labindalawang dilag na gagamitin sa isang "dream sequence" ng pelikulang **Prince Charming.**

Pumayag naman kaagad si Nori bagaman nangangamba siyang baka hindi siya makasulit sa panibagong pagsubok na iyon.


Nang dumating ang araw ng pamimili sa labindalawang isasama sa **Prince Charming** ay kasama na si Nori sa mahigit na 300 dilag. Isa-isa silang lumakad sa harap ng labindalawa kataong bumubuo ng hurado. At nang magwakas ang nasabing timpalak ay si Nori ang tinanghal na pang-apat sa mapapalad na napili.

Ang pagtatagumpay niyang iyon ang siyang "nagtali" sa kanya sa Sampaguita Pictures sa pamamagitan ng isang mahabang kontratong tumatagal ng apat na taon.

Mula noon, nagpasimulang magbago na ang daigdig ni Nori, lalo na nang dumating sa kanyang mga kamay ang pelikulang **Emma.** Lalo siyang napatanyag at sumikat pagka't napahanga niya ang mga kapwa niya artista at gayundin ang mga direktor. Kaya, sa pelikulang ito siya ganap na ipinakilala ni Dr. Perez bilang isang mahusay na katulong na bituin.

Pagkatapos noon, nagkasunud-sunod na ang kanyang mga pelikula: tulad ng **Kontra Partido, Lydia, Babalu, Rodora, Pampanggenya, Movie Fan,** atbp.

Sa kasalukuyan, si Nori ay patuloy pa ring nagsisikap at nagpupunyagi upang makarating sa lalo pang maayang kinabukasan sa daigdig ng ika-pitong-sining. At ang lahat nang nakakikilala sa kanya ay nagsisiasa namang hindi siya mabibigo at "lubhang malayo ang kanyang mararating."



*Ito'y isang tagpo sa pelikulang "Pampanggenya". Makikita sa larawan sina Nori, Linda Estrella at Justina David. Sa pelikulang ito ay malaki na rin ang papel na ginampanan ni Nori.*


Double "T"-- PANAWAGAN!

SNOW-WHITE ang nangunguna sa pagdudulot ng banayad na paninigarilyo. May mentol sa dulo upang malasap ninyo ang kasiya-siyang lasang hindi nagbabago.
Ang SNOW-WHITE ay napakainam para sa "Double T's" —sa mga may maseselang na lalamunan.
Hindi nagdudulot ng panghahapdi, ubo, pangangati ng lalamunan — sadyang isang mahusay at suwabeng sigarilyo!




INTERNATIONAL TOBACCO CO.
INCORPORATED
516 Del Pan, Manila
Tels. 2-93-49; 2-93-52; 2-65-76

Tunay na Pangyayari

# "HINDI NA NAGBALIK"

***Pagtatapat ng Isang Mananahi Kay BENITO R. CADIZ***

**Minsan Pang Natupad Dito Ang Kawikaang "Naghangad Ng Kagitna, 'Sang Salop Ang Nawala"**

NANGUNGULILA ang aking puso. Hinahanap-hanap ko ang isang ligayang nagtampo sa aking buhay na kaipala'y di na magbabalik. Subali't wala akong ibang sinisisi. Ako na rin ang may sala. Ang nagawa kong malaking pagkakamali ang naging dahilan ng lahat. At ito'y isang magandang aral na di ko na malilimot kailanman.

Hindi pa lubhang nagtatagal, parang kailan lamang, ay maligaya ang aking buhay. Maraming dalaga ang nananaghili sa akin. Di-iilang binata ang pumupuri at humahanga sa taglay kong mga likas na katangian.

—Kay-ganda ng buhok mo, Anita! —malimit sabihin sa akin ng mga kakilala kong binata.

—Ang kutis mo... pambihira! —wika naman ng mga kaibigan kong dalaga.

At alam kong hindi naman sila nagbibiro. Talagang maganda ang aking buhok, na mahaba at alun-alon. Maganda rin ang aking kutis, na makinis at maputi. Pinatutunayan iyan ng aking salamin, at ng magulang ko't mga kapatid.

Kung may kapintasan akong masasabi, ito'y ang aking pagiging "simple" sa pag-aayos at pananamit. Iyan ang madalas ibiro sa akin ng aking mga kaibigan. Hindi man lamang daw ako nagpupulbos at naglilipstik. Hindi man lamang daw ako sumusunod sa uso ng tabas ng pananamit. Makaluma raw ako, sabi pa ng ilan kong kakilala.

Subali't hindi ko sila pinapansin. Kapintasan ko man ang gayon, ayon sa kanila, katangian ko namang itinuturing at ikinararangal ng aking sarili. Sapagka't ilan sa kababaihan ngayon ang mahaba ang buhok, walang pahid na ano mang pampaganda at ayaw umayos nang sunod sa makabagong panahon?

Kaya nga nanghawak ako sa dati kong paniniwala... hanggang sa makilala ko ang isang lalaking lumikha ng biglang-biglang pagbabago sa aking buhay.

Buwan noon ng Mayo, at naging "Reyna Flores" ako sa isang Santakrusan sa aming pook. Kabilang sa mga binatang umilaw at sumunud-sunod sa akin hanggang sa ipasok ang prusisyon ay si Angelo. Hindi siya humiwalay sa akin at kasama pang naghatid sa akin sa aming tahanan. Sa unang gabing iyon pa lamang ng aming pagkikilala ay nagpadama na siya sa akin ng isang paghangang may kalangkap na ibang hangarin. At nang itanong niya sa akin kung maaari niyang madalaw ako, ay hindi ako nakatanggi.

Isang Linggo ng gabi, panauhin na nga namin si Angelo. Katulad din ng ibang lalaking pumapanhik sa amin ay binuksan na agad niya noon ang kanyang dibdib at nagtapat na ako'y kanyang iniibig.

—Napakaaga naman yata ng pagtatapat mong iyan...—himig-pagbibiro kong sabi, bagaman ang tutoo'y lihim na nakaramdam ng ligaya ang aking puso.

—Maaari... nguni't mabuti na raw ang maaga, kaysa tanghaliin at mahuli sa misa! —tila pabiro rin niyang sagot na nakatitig sa aking mga mata.

Yaon na ang naging simula ng pagkakalapit ng aming mga damdamin. At isang hapon, sa isang iskursiyon sa Balara na kapuwa namin sinamahan, ay natagpuan ko na lamang ang aking sarili na nakahilig sa kanyang dibdib sa isang kubling pook na malayo sa karamihan.

—Nais kong ipangako mo sa akin na hindi mo ako paglalaruan lamang, Angelo... —ang sabi ko sa kanya noon.

—Nakahanda akong iharap ka sa dambana sa ano mang araw na iyong naisin, Anita! —ang wika naman niyang mapaghahalata ang katapatan ng kanyang pangungusap.

At buhat noon, nabuklod na ang aming puso ng isang matamis na pagmamahalan. Maligayang-maligaya ako sa tuwing siya'y dadalaw sa amin. Parang nakararating ako sa langit kapag kami'y napagiisa at buong layang nag-uulayaw. Malimit kaming makasama sa mga lakaran at pasyalan ng aming mga kaibigan. Sa bawa't pagkakataong kami'y nagkakalapit ay patuloy namang pinagtitibay namin ang aming pag-iibigan.

Hindi ko nagawang ilihim sa aking mga magulang ang katotohanan. At hindi naman ako nagsisi sa ginawa kong pagtatapat. Hindi sila tumutol kay Angelo. Sa ganang kanila, si Angelo ay mabait, marangal at karapatdapat maging isang "ama ng tahanan".

—Nguni't kung maaari, —wika ng aking ina, —ay huwag muna kayong pakakasal. Ang ibig ko'y tulungan mo muna kami hanggang sa makatapos ng pag-aaral ang dalawa mong kapatid.

—Kayo ang masusunod, Nanay, —ang sagot ko naman.— Ang tutoo'y bata pa naman kami at hindi pa namin napag-uusapan ang tungkol sa aming kasal, bagaman sinabi niya sa akin na nakahanda siya sa ano mang oras na aking naisin.

At ang mga araw ay patuloy na naging maligaya para sa amin ni Angelo. Lubha siyang mapag-alaala, maunawain at mapagparaya. Wala na akong masasabi sa kanya, maliban sa isang bagay. Napapansin kong "magaang ang kanyang bibig" at laging matamis mangusap sa sinumang babae. Nang minsang biruin niya ang isa naming kaibigan, si Claring, ay hindi tuloy ako nakatiis na di siya pagsalitaan.

—Ito naman, —ang wika ko, —bala na lamang ay pinuri at hinangaan!

—Masama ba naman ang sinabi kong maganda siya! Kaibigan natin si Claring at dinudulutan ko lamang siya ng kasiyahan!

—Kahit na. Kung maaari'y ayaw kong magbiro ka sa sinumang dalaga. Paano kung magkaroon ng ibang akala at isiping hinahangaan mo nga siya!

—O, e maano naman kung magkagayon man! —tila nagbibirong sagot niya. —Hahanggang sa hinahangaan lamang naman, ano ang masama roon?

Hindi na ako sumagot at nagpahalata akong masama ang loob. Inamu-amo naman niya ako, hanggang sa ang pagkakataong iyon ay mauwi sa muli naming pag-uulayaw.

Subali't hindi nagwakas doon ang bagay na pinapansin ko kay Angelo. Hindi maalis sa kanyang ugali ang laging pagbibitiw ng matatamis na pangungusap sa sinumang babae, na ayon sa kanya ay "mabisang pagkuha ng kalooban ng kapuwa". At minsan ay nasaktan tuloy niya ang aking damdamin nang di niya inaakala.

Namasyal kaming muli noon na kasama ng aming mga kaibigan. Sa pagkakatuwaan naming lahat na kung saan-saan na nauwi ang pag-uusap-usap, ay kung bakit nabanggit-banggit ng isa ang tungkol sa amin ni Angelo. Pabirong sinabi na mapalad daw si Angelo pagka't nakatagpo ng isang "tunay na Pilipina".

—Sa buhok lamang ni Anita ay makapagmamalaki ka na, Angelo! —ang wika pa.

—Ito namang si Remy...—ang sagot ni Angelo. —Kung ako nga lamang ang susundin ay ibig kong paputol na siya ng buhok, e... gaya mo! Hindi ko nga lamang malaman dito kay Anita kung bakit ayaw sumunod sa uso! Ni ayaw magpulbos at maglipstik!

—Pa'no e maganda na namang talaga, hindi ba?

Sa pagbibiruang iyon ay hindi ako nakisagot. Aywan kung bakit parang nasaktan ako sa sinabi ni Angelo. At


"Nagulat sila nang ako'y umuwi ng bahay..."

nang kami'y mag-uwian ay binanggit ko sa kanya iyon bago kami naghiwalay.

—Ano naman ang ikagagalit mo tungkol doon? —paliwanag niya. —At sa lagay ba e tanggapin ko na lamang lahat ang pagpuri nila tungkol sa iyo. Magkasintahan tayo, at hinihingi ng magandang asal na medyo tutulan ko naman ang mga pagpuri nilang iyon, kahit na pabiro lamang.

—Hu, alam kong talagang "old fashion" ako. At talagang mas kinagigiliwan mo ang mga dalagang makabago, tulad ni Remy!

Hindi siya sumagot sa sinabi kong iyon. Aywan kung nais na lamang niyang huwag mauwi sa paghihinanakitan ang aming pag-uusap. Nguni't isang bagay ang nabuo sa aking hinala, na lalong nagtumibay nang minsang muli kaming magkita-kita nina Remy at muli niyang purihin ang buhok nito. Maganda namang talaga ang putol na buhok ni Remy na bumabagay sa maganda rin namang tabas ng mukha. At nalalaman kong hindi nagbibiro lamang si Angelo.

Kinabukasan din noon, nagsadya ako sa isang tanyag na " beauty parlor". Nagulat pa ang aking ama't ina, gayundin ang aking mga kapatid, nang makita ako.

—Ano ang naisipan mo't nagpaayos ka nang ganyan?— ang sabi ng aking ina.

—Masama ho ba namang paputol na ako ng buhok? — ang sagot ko. —Ako lamang ang nahuhuli sa uso, a. Malimit tuloy akong biruin ni Angelo... at ng aming mga kaibigan.

—Bagay naman sa Ate, e, —sabi ng dalawa kong kapatid na dalagang kapuwa putol din ang buhok.

Hindi na nagsalita ang aking ina. Hindi naman nila minasama ang ginawa ko. Nagtaka nga lamang sila pagka't biglang-bigla at wala nang sabi-sabi.

At lihim akong nagalak. Pinanabikan ko ang muling pagdalaw sa amin ni Angelo. Matutuwa siya pag ako'y nakita. Hindi na ako makaluma, na gaya ng malimit nilang sabihin. Isa na akong dalagang makabago, tulad ni Remy at ng iba pa naming mga kaibigang dalaga.

Nang dumalaw nga sa amin si Angelo nang sumunod na araw ng Linggo ay hindi ako nagkamali. Natuwa siya nang ako'y makita. Sapagka't hindi lamang putol na ang aking buhok kundi may pulbos na rin ako at may pahid pang lipstik ang aking mga labi.

—Lalo kang gumanda kaysa rati! —ang wika pa niyang walang kurap na nakatitig sa akin.

—Maganda pa ba ako ngayon kaysa kay Remy? —ang sabi ko namang himig paglalambing.

—Higit kang maganda kaysa kanya, at sa sinumang dalagang nakilala ko!

**Hindi nagtagal noon sa** amin si Angelo. May lalakarin daw siyang mahalagang bagay nang araw na iyon. Masayangmasaya ako nang ihatid ko siya sa pintuan, na ni sa guniguni'y hindi ko inakalang iyon na ang pagwawakas sa amin ng lahat

Hindi na nagbalik si Angelo buhat noon. Hindi na rin siya nakasama sa alinmang pasyalan o lakaran ng aming mga kaibigan. Hindi na kami nagkita, at isang araw ay tumanggap na lamang ako ng sulat buhat sa kanya.

*ANITA,*

*Dinaramdam kong ipagtapat sa iyo ang katotohanan, nguni't kailangan kong gawin ito.*

*Nang Linggong iyon na datnan kitang ibang-iba na sa rati ay parang nagimbal ang aking katauhan. Hindi lamang ako nagpahalata sapagka't iyan ang isa sa mga patakaran ko sa buhay: ang lagi nang magdulot ng kasiyahan sa kapuwa, gaya ng ginagawa ko kina Remy. Alam mo na marahil ang ibig kong sabihin.*

*Hindi ko sinasabing masama ang ginawa mo. Ang totoo'y mahari ngang lalo ka pang gumanda sa paningin sa kaayusan mo ngayon. Nguni't ang kagandahang nakita sa iyo ng aking puso't kaluluwa ay biglang-biglang naglaho. Hindi na ikaw ang tunay na dalagang Pilipinang hinangaan ko nang labis at siyang hinangad kong ihatid sa harap ng altar.*

*Kaya, ikinalulungkot kong sabihing tinatapos ko na sa atin ang lahat. Ang ating pagiibigan ay ituring mong isang panaginip lamang na di natupad sa katotohanan.*

*Patawarin mo ako,*
*ANGELO*

NGAYON, nangungulila nga ang aking puso. Hinahanap-hanap ko ang isang ligayang nagtampo sa aking buhay na kaipala'y hindi na magbabalik. Subali't wala akong ibang sinisisi. Ako na rin ang may sala ng lahat... (X)


# Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain

**Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay**

✔ **Maghapong Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!**
✔ **Karakarakang Pumapawi sa Masamang Hininga!**
✔ **Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!**



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan nilang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon

*Sapagka't*

**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nalilinis ang ngipin — hindi lamang pinakikislap at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!



Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon! May kasiya-siyang lasang maanghang na naiibigan ng buong pamilya.

* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate




*Itinatagubilin ng*
**PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION**

**Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas ...Sa E. U. A. ...Sa Buong Daigdig!**

# ibat ibang kulay sa puting tabing

ni eddie rañola

Kamuntik nang "magkabakbakan" sa may bakuran ng estudyo ng LVN, kamakailan. At nakatutuwang-nakatatawa ang pangyayari.

Nakatayo si Direktor Fred Daluz sa may pintuan ng bakuran, nang sa-darating ang ilang tin-edyer. Itinanong ng isa kung ano ang siyuting noon sa loob ng estudyo, pagka't ibig yatang pumasok upang manood, kung makagagawa ng paraan.

"Ang lelong mong panot!" sagot ni Fred.

Namula sa galit ang tinukoy at nagsipandilat ang mga kasama.

"Bakit naman magsasalita agad kayo ng gahyan! Para nagtatanong lang kami!" sabi ng isa.

"Kaya nga sinagot ko naman kayo nang mahusay, a! Bakit kayo magagalit!"

Nang magkalinawan, nagsipagkamot na lamang ng ulo ang mga binatilyo. Ang kinukunan pala noon ng pelikula ay ang ilang tagpo sa *Lelong Mong Panot* na nilalabasan nina Nenita Vidal, Manding Claro, Pugo, Lita Gutierrez, Ben Delgado at Bayani Casimiro.

---

*Isang sulat ang tinanggap ni Pancho Magalona buhat sa Madrid kamakailan. Ang liham ay buhat kay Maneng Garcia at inaalok si Pancho na gumawa ng isang pelikula sa Espanya na lalabasan din ng bituing si Sophia Loren. Maganda sana ang alok, danga't may kondisyong "kung" ang alinman sa ating mga prodyuser ay sososyo at hahati sa magiging halaga ng produksiyon.*

---

Ito'y parang di kapani-paniwala, subali't tutoo: si Rosa Mia, ang nag-iisang direktora ng Sampaguita, ay nagsimula nang magsiyuting ng *Hahabulhabol* kahit hindi pa alam kung sinu-sino ang magiging mga pangunang bituin sa ginagawa niyang pelikula. Kung paano naari ang gayon — inuna niyang kunan ang mga tagpong kailangang labasan lamang ng mga ekstra at katulong na artista.

---

*"Ang kulasising ginto ng Hari, lumipad at dumapo kay ...Ruben Rustia!" ang pasisteng sabi ng isang taga-Everlasting. Nang usisain namin ay nakangiting nagpaliwanag: dumating daw kay Ruben ang isang magandang kapalaran sapagka't magiging isa nang direktor. Pamamahalaan ni Ruben ang Balaraw na Ginto na gagawin ng Everlasting Pictures. At ang lalong maipagmamalaki ng bagong direktor ay siya ang pinapamimili ni Kapt. Ongpauco kung sino ang nais niyang maging mga bituin sa kanyang unang pelikula..*

---

Huwag kayong magugulat kung makita ninyong gumagalaw at nagsasalita ang isang taong kamukha ng yumaong Pangulong Magsaysay sa isang pelikulang ginagawa ngayon ng Champion Pictures. Kamukha lamang ng yumaong Idolo ng Bayan ang taong iyon, si G. Vic Abuel ng Atimonan, Quezon, isa ring mekaniko, na siyang gumaganap ng papel ng yumaong Pangulo sa pelikulang *Objective: Patayin si Magsaysay.*


Ang mga bituing nagsisilabas sa *Objective...* ay sina Pempe Padilla, Jr., Arsenia Francisco, Oscar Moreno, Carlos Salazar, Aida Cariño, Lydia Antonio, Pugak at Tugak, sa direksiyon ni Mike Velarde, Jr.

---


*Sa isang pulong kamakailan ng mga may-ari ng 8 pangunahing dulaan sa siyudad ng Maynila ay napagkayariang magpapalabas ang bawa't isa ng isang pelikulang Pilipino*



*Hulaan ninyo: galit kaya si Johnny Monteiro o "nababatobalani" ng magandang si Teresa Mendez? Ito'y tagpo sa "HIMAGSIK" ng Everlasting na pinamamahalaan ni Ding M. de Jesus. Ang pelikulang ito'y batbat ng aksiyon.*



*Ano kaya ang tinitingnan nina Amado Cortes, Leonor Vergara at Resty Sandal sa tagpong ito sa "KALIBRE 45" ng Premiere? Marahil ay isang kababalaghan o kataka-takang bagay kaya ganyan ang kanilang mga anyo!*



*Sa tagpong ito sa "MGA LIGAW NA BULAKLAK" (Sampaguita) ay tila dinadaan na lamang ni Tony Marzan sa titig ang pagpapahiwatig ng kanyang damdamin kay Marlene Dauden. Napapahiyang di naman makatingin ang dalaga.*

MGA SAGOT SA "ANO ITO?"

1. Labong 2. Bangko 3. Kidlat 4. Langaw
5. Lunes Santo hanggang Biyernes Santo
6. Sulat 7. Unan 8. Karayom 9. Posporo
10. Yelo 11. Nganga 12. Tsampaka
13. Suso 14. Tutubi 15. Anino

*Katatapos lamang ng siyuting ng "TURISTA" (LVN) at si Nida'y pansamantalang nakapaglilibang-libang. Nang minsang nagsisiyaping siya'y nasalubong ng isang kapritsosong potograpo... at "pinaarte" siya nang ganyan bago kinunan ng larawan. Talagang mapagbigay si Nida!*

*sa loob ng isang taon. Kung sakaling kikita ang itatanghal na mga pelikula ay saka muling pag-uusapan kung patuloy na magtatanghal ng mga pelikulang tagalog sa kaniiang mga dulaan.*

*Ito'y isang hamon sa ating mga prodyuser, direktor at artista, at isa ring pagsubok sa mga "tunay na Pilipino". Makagawa man ng magagandang pelikula ang ating mga estudyo at hindi naman tatangkilikin ng bayan, "lalangawin" din sa pagtatanghalang mga pangunahing dulaan.*

---

Si Cirio H. Santiago ay muling mamamahala ng isang pelikula — ang *Pusakal*, na pangungunahan nina Zaldy Zshornack, Cynthia Zamora, Lauro Delgado, Amado Cortez at Leonor Vergara. Sa pelikulang ito'y lalabas si Leonor bilang ganap nang biutin.

Ito ang pangatlong direksiyon ni Cirio, ang una'y ang isang kasaysayan sa *Apat na Kasaysayang Ginto*, at ang pangalawa'y ang isang kasaysayan sa *Bicol Express*.

---

*May isang bagong tuklas na bituin ang Tamaraw Pictures, na ayon sa mga unang nakakilala ay "bibihag sa puso ng kalalakihan". Ito'y si Minda Peña, na nakatakdang lumabas sa* Sandatang Ginto at Suicide Squad.

---

Limang "maliliit na bituin" ang hinuhubog ng LVN para sa mga darating na araw. Sila'y sina Lou Salvador, Jr., Chona Sandoval, Ric Mojica, Lina Prieto at Jose Ejercito. Sa kasalukuyan ay binibigyan na sila ng maliliit na gampanin bilang paghahanda sa pabigat-nang-pabigat nilang mga papel sa susunod pang pelikula ng LVN.

---

*Kung hindi hahadlangan ng mga pangyayari, dalawang dakilang mamamayan ng ating bansa ang mapapanood sa puting-tabing. Sila'y sina G. at Gng. Exequiel Magsaysay, ama't ina ng yumaong lider ng ating bansa. Ang dalawang matanda ay magsisilabas sa* Objective: Patayin si Magsaysay, *at ang gagampanang mga papel ay hango sa kanilang tunay na buhay.*

---

Sina Luisa Montesa at Lita Gutierrez ay mapapanood bilang mga ganap nang bituin sa *Si Meyor Naman*, ang susunod na pelikula ni F. H. Constantino pagkatapos ng *Turista*. Dito'y makakasama nila sa pangunang papel si Nestor de Villa.

---

*Nasisiyahan si Val Castelo sa ginagawa niyang bagong pelikula, ang Conde de Amor, sapagka't dito'y ibinunsod na siya sa pagka-ganap na bituin. Nguni't isang bagay lamang ang kanyang idinaraing: malaki raw ang ibinababa ng kanyang timbang buhat nang gawin nila ang pelikulang ito dahil sa dibdiban niyang pagganap ng kanyang papel.*

*"Natatakot akong baka pagkatapos ng pelikulang ito ay tumuloy naman ako sa Quezon Institute!" pabirong sabi ni Val.*

*"Hindi bale, aalagaan ka naman nina Cecilia at Nita!" wika ni Peping Corazon de Jesus, Jr., na ang tinutukoy ay sina Cecilia Lopez at Nita Javier, na siyang mga pangunang bituing babae sa Conde* de Amor.

---

Si Eddie Arenas ay tumutupad ngayon ng isang papel na ginagampanan din niya sa tunay na buhay. Sa *Busabos* ng Sampaguita ay isa siyang istudyante, at ang ilang tagpo sa pelikulang ito ay kuha sa kanilang kolehiyo. Nagiging madali tuloy para sa kanya ang pagtatrabaho at pagpasok, di gaya ng mga abalang nanggyayari sa kanya sa paggawa niya ng ibang pelikula. Sa pelikulang ito, sa tuwing matatapos ang kanilang siyuting ay bihis na siya at may dala nang libro, kaya tutuloy na lamang siya sa kanilang unibersidad na pinag-aaralan niya ng Komersiyo.

---

Kasalukuyang naglilibot si Direktor Mar S. Torres sa paghahanap ng isang mala-palasyong tahanan na gagamitin sa pagsasapelikula ng *Rubi-Rosa*. Ang malaking bahay ay siyang magiging "pugad ng pag-ibig" nina Ric Rodrigo at Rita Gomez, ayon sa hinihingi ng kasaysayan.

## KAYO AT... Karugtong

bakit ang kanilang mga sanggol ay nagpapawis nang marami, lalo na sa ulo at likod. Ang pagpapawis ay hindi nangangahulugang lagi ng pagkakaroon ng karamdaman. May mga batang madaling tablan ng init at talagang pawisin. May paniwala ang iba sa mga matatanda, na ang isang palatandaan ng tisis ay ang malabis na pagpapawis, ito ay hindi totoo sa mga bata.

May ilan lamang karamdaman sa mga bata na pinagmumulan ng malabis na pagpapawis. Ang lagnat-rayuma (rheumatic fever) ay sinasamahan din ng pagpapawis. Sa mga sanggol na mahihina, ang pagpapawis nang malamig ay karaniwang nakikita.

Huwag ding kalilimutan na pagkatapos na mabigyan ang bata ng mga gamot sa pampababa ng lagnat, gaya ng aspirina, piramidon, crocrogenina, at iba pa, ang sanggol ay maaaring pawisan nang marami. Ang mainit at makakapal na damit ay pinagmumulan din ng pawis. Maraming mga magulang ang natatakot sa hangin at lamig kaya't nagsasara ng silid at binabalot ng kumot ang sanggol. Ito ang nakapagpapapawis sa bata at pinanggagalingan tuloy ng sipon. Mayroon din namang ilang ina na nagsasabi na kahit na manipis ang damit ng kanilang anak o malamig naman ang panahon, ang mga ito'y nagpapawis din. Kapag ang bata ay walang sakit, ang pagpapawis ay hindi dapat ikatakot.

MGA KAMAY AT PAANG MALALAMIG: — Karaniwan na sa mga sanggol na magkaroon ng kamay at paang malalamig kung ang panahon ay totoong malamig o kung ang lagnat nila ay mataas. Hindi naman nangangahulugang ang bata ay malapit nang mamatay. Ang dugo ng kanyang katawan ay nasa ibang bahagi ng katawan kaya't ang malalayong bahagi, gaya ng kamay at paa, ay nagkukulang sa dugo. Kapag ang bata ay nagsusuka, ang kanyang mga paa at kamay ay malalamig. Ang pagkuskos at paghaplos dito, pagbibigay ng mainit na tsa o gatas, pagbabalot ng maraming kumot, at paglalagay ng bolsa ng mainit na tubig, ay makakatulong upang ang sanggol ay maging matiwasay. Kung siya'y walang lagnat o hindi naman nagsusuka, ang mga dahilan nito ay kailangang ipasuri sa manggagamot.



## MGA SULAT... Karugtong

na ito. Ikinasisiya ng mga magulang ko ang ibinigay ninyong "break" sa akin, at inuulit ko ang aking pasasalamat.

Kung mangyari po lamang ay ipadala ninyo ang kaukulang pabuya para sa aking akda sa direksiyong kalakip nito pagka't lumipat na kami ng tirahan.— *Ronaldo Dris, Sto. Niño Restaurant, San Vicente, Calapan, Mindoro Oriental.*

**Aasikasuhin ho namin ang kahilingan ninyo. —ED**

---

Sa mga unang labas ng nobelang "Espanyola" ay naakit na kaming basahin ito pagka't tila maganda at makasaysayan. Kaanuano po ba ng yumaong manunulat na Pablo N. Bautista si R. E. Bautista? —*P. R. Reyes, San Juan, Rizal.*

**Wala ho silang relasyon. Magkaapelyido lamang. —ED**




**MAG-IMPOK para sa pag-aaral ng inyong MGA ANAK**

**Ang pinakamabuting puhunang mapakikinabangan ninyo ay ang pag-aaral ng inyong mga anak. At ito'y inyong makakamit sa pamamagitan ng palagiang pag-iimpok . . . sa EQUITABLE BANKING CORPORATION. Kahit na P1.00 ay makapagbubukas ng isang "savings account" sa EQUITABLE. Ang mga lagak na nagkakahalaga ng P10.00 pataas ay kumikita ng 2% tubo na tinutuos tuwing ikatlong buwan. May tatlong sangay ang EQUITABLE na handang maglingkod sa inyo. Mag-impok ngayon . . . sa EQUITABLE—**

**Ang bankong nakalaang maglingkod sa inyo sa lahat ng oras.**

**Equitable Banking Corporation**

Established 1950

Branches: 6?2 M. de Santos Divisoria Tel. 2-98-81
Main Office 270-27? J. Luna, Manila Tel. 2-64-78
129 Echague, Quiapo, Manila Tel. 2-64-78
733-735 T. Alonzo, Sta. Cruz Tel. 3-?5-36

**May Kaugnayan sa mga "Trade Centers" sa Daigdig**




Tita Duran

ng Premiere Productions, Inc.